

Epekto Ng Kolaboratibong Pag-Aaral At Kasanayan Sa Wika Sa Pag-Unawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Medyor Sa Filipino

Ms. Myra Diaz Ceballos

Students, Mayoryang Filipino, Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon

Abstract:

Ang pag-aaral na ito ay nagsuri sa ugnayan sa pagitan ng kolaboratibong pag-aaral, kasanayan sa wika at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. ang layunin ng pananaliksik na ito ay upang matukoy ang antas ng mga baryabol, suriin ang kanilang makabuluhang ugnayan at tukuyin kung aling mga domeyn ang may pinakamalaking impluwensya sa pag-unawa sa pagbasa. ginamit ang isang deskriptibong korelasyonal na diskarte sa pananaliksik upang matugunan ang mga layunin ng pananaliksik. gamit ang formula ni slovin, isang sample ng mga mag-aaral ng Filipilino ang sinuri sa pamamagitan ng isang nakabalangkas na talatanungan. ang mga datos ay sinuri gamit ang deskriptibo at inferensiyal na mga pamamaraan sa estadistika, kabilang ang mean analysis, pearsion correlation at multiple regression analysis. ang mga tanatuklasan ay nagsiwalat na ang kolaboratibong pag-aaral, kasanayan sa wika at pag-unawa sa pagbasa ay nasa mataas na antas, na nagpapahiwatig na ang mga aspektong ito ay madalas na obserbahan sa mga respondante. ang mga resulta ay nagpakita ng isang malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng kolaboratibong pag-aaral at pag-unawa sa pagbasa, pati narin sa pagitan ng kasanayan sa wika at pag-unawa sa pagbasa. ang regression analysis ay nagpahiwatig na ang komunikasyon at interaksyon ay may makabuluhang impluwensya sa pag-unawa sa pagbasa, habang sa kasanayan sa wika, ang pagbasa, pakikinig at pag-unawa ang pinakamaimpluwensyang mga domeyn. gayun paman, ang pagtutulongan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo, pansariling kasiyahan , pa at pagsasalita ay hindi nagpakita ng makabuluhang epekto.

Kabanata 1

INTRODUKSYON

Sa kabanatang ito ay makikita ang rasyunale, layunin ng pag-aaral, haypotesis, mga kaugnay na literatura, ang batayang konseptwal at teoretikal, kahalagahan ng pag-aaral at katuturan ng mga katawagan tungkol sa epekto ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Rasyunale

Ang impluwensya ng kolaboratibong pag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ay natuklasang malaki ang epekto ng magkakaiba sa antas ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral, ayon kay Maxilom-mangompit et al. (2022). Dahil sa hindi pagkakatatugma na ito, hindi naging balanse ang mga gawain ng grupo at madalas nahihirapan ang mga mag-aaral na may mababang kasanayan sa wika na makilahok nang maayos. Dahil dito, sila ay nakakaramdam ng pagkainis, kawalan ng motibasyon at nahirapan sa pag-unawa, lalo na kung hindi sila mabigyan ng sapat na tulong.

Sa *Los Angeles, California*, Domingo et al. (2021) nalaman na ang emosyonal na epekto ng kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ay isang alalahanin sa kolaboratibong pag-aaral. Ang mga mag-aaral na nahihirapan sa wika ay madalas nakararanas ng pag-aatubili at takot, na naghadlang sa kanilang kakayahang makibahagi sa mga talakayan sa klase. Dahil nawalan sila ng mga pagkakataon para makilahok na sana ay nakatulong sa pagpapabuti ng kanilang kaalaman, ang pag-aatubiling ito ay naging hadlang sa kanilang potensyal na mapabuti ang kanilang pag-unawa.

Sa *Puerto Princesa City*, Idulog et al. (2023) natuklasan ang isang isyu sa ugnayan ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa wika. Ang mga mag-aaral na may mahinang kakayahan sa wika, lalo na yaong may kinahaharap na hamon sa pagiging bilingguwal, ay nahirapang umunawa ng masalimuot na estruktura ng pangungusap at masalimuot na bokabularyo. Dahil dito, naging limitado ang kanilang pag-unawa at kakayahang masuri nang mas malalim, at hindi rin sila lubusang naengganyo sa pagbasa ng mga aklat.

Ang panlipunang kabuluhan ng pag-aaral na ito ay nasa potensyal nitong mapabuti ang karanasang pang-edukasyon ng mga mag-aaral na kumukuha ng medyor sa Filipino, na may mahalagang papel sa paghubog sa kinabukasan ng wika at panitikan sa Pilipinas. Sa pamamangitan ng pagtutok sa kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika, itatampok ng pananaliksik ang estratehiya sa pagtuturo na nagpapahusay sa pag-unawa sa pagbasa, sa siyang magbibigay kapangyarihan sa mga mag-aaral na makisangkot nang kritikal sa mga teksto at makilahok nang makabuluhan sa mga talakayan. Sa gayon, inihahanda sila ng pag-aaral para sa mga propesyonal na larangan kung saan mahalaga ang mahusay na kasanayan sa komunikasyon.

Mas lalong magiging malinaw ang kahalagahan at pagiging napapanahon sa pag-aaral habang kinikilala ng mga guro at tagagawa ng polisiya ang pangangailangang tugunan ang pagkakaiba-iba ng mga kasanayan sa wika sa silid-aralan. Sa ganitong paraan matitiyak na magkakaroon ng pantay na oportunidad ang lahat ng mag-aaral na magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Bilang resulta, magsisilbing gabay ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito sa pagpapahusay ng mga pamamaraan ng pagtuturo at disenyo ng kurikulum, na magdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa pagbasa para sa mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa gitna ng patuloy na pagbabago ng edukasyon.

Sa kabila ng umiiral na pag-aaral hinggil sa pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa wika, may mga kapunapunang kakulangan pa rin na nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri, lalo na sa konteksto ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino na nasa kolaboratibong pag-aaral. Halimbawa, ang pag-aaral na pinamagatang “*Reading Comprehension Component of grades 7 and 8 English and Filipino Textbooks*” ni Maxilom-mangopit et al. (2022) mas pinagtutuunan ng pansin ang nilalaman ng aklat-aralin kaysa sa mga pamamaraang panturo na nagpapabuti sa pag-unawa sa pagbasa sa pamamagitan ng kolaborasyon.

Bukod dito, “*Filipino: Language Practices and Affective Connections in Greater Los Angeles*” ni Domingo et al. (2021) tinalakay ang paggamit ng wika at mga emosyunal na salik sa isang tiyak na konteksto ng komunidad ngunit hindi tuwirang tinugunan kung paaano nakaaapekto ang kolaboratibong pag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Dagdag pa rito, “*Filipino Student’s Reading Abilities: A Note on the Challenges and Potential Arias for Improvement*” ni Idulog et al. (2023) tinutukoy lamang ang pangkalahatang hamon sa kakayahang bumasa nang hindi isinasalang-alang ang epekto sa dinamika ng kolaboratibong pag-aaral sa kasanayan wika at pag-unawa.

tutugunan ng pag-aaral na ito ang mga puwang sa pamamagitan ng pagtutok sa ugnayan ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. Upang maipamahagi ang mga natuklasan, magbibigay ng kopya ng pananaliksik sa KCAST,

at ibabahagi rin ang mga resulta sa mga mag-aaral sa medyor sa Filipino upang mapalaganap ang kamalayan at magsilbing daan para sa talakayan ukol sa pagpapaunlad ng mga estratehiya sap ag-unawa sa pagbasa.

Layunin ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa upang tingnan ang kaugnayan ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. sa partikular, tatalakayin nito ang mga sumusunod:

1. upang matukoy ang antas ng kolaboratibong pag-aaral ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa mga tuntunin:
 - 1.1. Pagtutulungan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo;
 - 1.2. Pansariling Kasiyahan at Pagpapahusay; at
 - 1.3. Komunikasyon at Interasyon.
2. upang matukoy ang antas ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa mga tuntunin:
 - 2.1. Pagbasa;
 - 2.2. Pagsulat;
 - 2.3. Pagsasalita;
 - 2.4. Pakikinig; at
 - 2.5. Pag-unawa.
3. upang matukoy ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa mga tuntunin:
 - 3.1. Mga Tagubilin;
 - 3.2. Pagpapaliwanag;
 - 3.3. Mga Pahiwatig; at
 - 3.4. Modeling.
4. upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.
5. Upang matukoy kung aling domeyn ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Haypotesis

Ang haypotesis na susuriin sa 0.05 *alpha level of significance* na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Ang haypotesis na susuriin sa 0.05 *alpha level of significance* na nagsasaad na walang domeyn ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika ang maaaring makaimpluwensya ng malaki sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Mga Kaugnay na Literatura

Ang pagbabasa at pananaliksik mula sa iba't ibang libro, *internet website* at mga akademikong gawa ng mga mag-akda ay ipinakita sa seksyong ito upang magbigay ng karagdagang pagbabasa at pagpapaliwanag sa pokus ng pag-aaral.

Ang unang baryabol ay kolaboratibong pag-aaral na may tatlong indikaytor na pagtutulungan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo; pansariling kasiyahan at pagpapahusay at komunikasyo at interaksyon. Ang pangalawa ay ang kasanayan sa wika na may limang indikaytors na pagbasa; pagsulat, pagsasalita,

pakikinig at pag-unawa at ang huling baryabol ay ang pag-unawa sa pagbasa na may apat na indikators na mga tagubilin; pagpapaliwanag, mga pahiwatig at modeling.

Kolaboratibong pag-aaral

Ang kolaboratibong pag-aaral ay nakabatay sa pananaw na ang kaalaman ay mas epektibong nabubuo sa pamamagitan ng interaksyon at kooperasyon sa kapwa. isa itongistratehiya sa pagtuturo kung saan aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa talakayan, pagpapalitan ng ideya at sama-samang paglutas ng suliranin upang maunawaan ang mga bagong konsepto. Sa konteksto ng pagkatuto ng wika lalo na sa pag-unawa sa binabasang ingles nagbibigay ang kolaboratibong pag-aaral ng pagkakataon sa mga mag-aaral na masusing suriin ang teksto sa pamamagitan ng pagbabahagi ng interpretasyon at paglilinaw ng mga hindi nila ganap na nauunawaan. ang ganitong interaktibong proseso ay humuhubog ng mas malalim na pag-unawa. Sa mga mag-aaral na Filipino, napatunayan na ang kolaboratibong pag-aaral ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng mga kakayahang magbago ng pananaw at umangkop sa bagong impormasyon o konteksto. Sa tuwing nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga gawaing pagbasa sa isang grupo natututo silang maunawaan ang bagong bokabularyo at kontekstuwal na pahiwatig sa pamamagitan ng interaksyon. dagdag pa rito, ang pagbibigay ng sariling paliwanag at paglalata ng mga iniisip sa mga gawaing kolaboratibo ay nagpapataas ng interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang kolaboratibong pag-aaral ay nagiging isang suportado at positibong kapaligiran para sa pagkatutong pangwika. Sa kabuuan, ang kolaboratibong pag-aaral ay maaring ikonsiderang isang istratiheyang kognitibo at sosyo-emosyunal na tumutulong sa pagpapabuti ng kakayahang umunawa sa pagbasa ng ingles. Sa pamamagitan ng pleksibilidad sap ag-iisip, pagbabahagi ng kahulugan at mas mataas na antas ng partisipasyon, napapalalim nito ang kasanayan sa wika at pag-unawa ng mga mag-aaral (Garcia, 2023). Bukod dito, tinalakay ng pag-aaral ang ugnayan sa pagitan ng mga profile sa wika, matakognitibong istratiheya sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa koliheyo. Lumitaw na ang kolaboratibong pag-aaral ay epektibong paraan upang mahikayat ang paggamit ng mas mataas na antas ng istratiheya sa pagbasa gaya ng pagbubuo, paghuhula at pagtatanong. Sa pamamagitan ng mga gawaing panggrupo, naibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga karanasan at pamamaraan sa pagbasa, na nakakatulong lalo na sa mga may kahinaan sa kasanayang ito. Ang ganitong uri ng pagkatuto ay hindi lamang nagpapahusay ng indibidwal na kakayahan kundi nagpapalalim din sa pag-unawa at kritikal na pag-iisip ng buong grupo (Villanueva, 2022).

Dagdag pa rito, sinuri ng pag-aaral ang epekto ng *translanguaging*, isang anyo ng kolaboratibong pag-aaral kung saan ginagamit ng mga mag-aaral ang parehong wikang Filipino at ingles, sa isang pag-unawa sa pagbasa ng mga ESL na mag-aaral. Natuklasan na mas naging komportable ang mga mag-aaral sa pagtutulungan dahil maaari silang magpahayag ng mga ideya gamit ang alinmang wika at sabay-sabay nilang naitatawid ang mga hadlang sa wika. Ipinakita ng pag-aaral na sa mga translanguaging na talakayan, mas nagkakaroon ng kumpiyansa ang mga mag-aaral na makibahagi at tumaas ang kanilang marka sap ag-unawa sa pagbasa. Sa paggamit ng dalawang wika sa kolaboratibong gawain, nagkakaroon ng mas bukas at inklusibong kapaligiran na kinikilala at pinakikinabangan ang kanilang bilinggwal na kakayahan. Napatunayan sa mga resulta na ang ganitong pamamaraan ay epektibong nakapagpapahusay sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral (Ocampo, 2023).

Higit pa rito, sinuri ng pag-aaral ang paggamit ng metakognitibong istratiheya sa pagbasa at ang kaugnayan nito sa pa-unawa sa pagbasa, kung saan lumitaw na ang kolaboratibong pag-aaral ay nakatutulong sa pagbabahagi ng mga istratiheyang ito. Gamit ang datos mula sa PISA 2018, natuklasan na ang mga Filipinong mag-aaral sa mataas na paaralan na nakikibahagi sa kolaboratibong pag-aaral ay

mas madalas gumamit ng metakognitibong istratiheya, tulad ng pagtatanong sa sarili at pagrerebisa ng interpretasyon, kumpara sa mga nag-aaral nang mag-isa. Ipinakita ng pag-aaral na hinihikayat ng kolaborasyon ang mga mag-aaral na pag-isipan ang kanilang mga gawi sa pagbasa, matuto ng bagong istratiheya mula sa mga kapwa mag-aaral at gamitin ito sa mga susunod na gawain. Ang ganitong pagbabahagi ng istratiheya ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa binawa, kaya't ang kolaboratibong pag-aaral ay napatunayang mahalagang kasangkapan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, lalo na sa mas mataas na antas ng edukasyon. Ipinakita sa result ana malaki ang naitutulong ng pamamaraang ito sa pag-unlad ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral (Bernando and mante-estacio, 2023).

Panghuli, sinuri ng pag-aaral ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baiting 3 sa Filipino. Natuklasan na mas naging epektibo ang mga interbensyong pagbasa kapag isinagawa ito ng pangkatan. Sa kolaboratibong pag-aaral, nakakaron ng pagkakataon ang mga bata na magsanay sa pagkilala ng bokabularyo at pag-unawa sa estruktura ng pangungusap. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga mag-aaral na lumahok sa grupo sisyon ng pagbasa ay nakakuha ng mas mataas na marka sa pag-unawa sa pagbasa kumpara sa mga pagbasa na nag-iisa. Sa ganitong paraan, matatanggap nila agad ang pun amula sa mga kamag-aral na tumutulong sa agarang pagwawasto ng mga pagkakamali. Iminungkahi ng pag-aaral na isama ang kolaboratibong pag-aaral sa mga interbensyon sa pagbasa upang mapalakas ang pag-unawa at interes sa maagang yugto ng pagkatuto (Altivo,2023).

Ang susunod na seksyon ay maglalahad ng mga kaugnayan na literature tungkol sa impluwensya ng pagtutulongan sa pa'gitan ng mga miyembro ng grupo, pansariling kasiyahan at pagpapahusay at komunikasyon at interaksyon patungo sa kolaboratibong pag-aaral.

Pagtutulongan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo. Ang kolaboratibong pag-aaral ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa lalo na kapag ang mga kasapi ng grupo ay nagtutulongan at may iisang layunin sa pag-aaral. Tinutukan ng pag-aaral ang epekto ng motibasyon sa pagbasa at pag-unawa sa pagbasa ng mga Filipinong may kapansanan sa pandinig. Lumabas sa resulta na kapag pinagsama-sama ang mga mag-aaral at hinikayat silang suportahan ang isa't isa, mas naging aktibo sila sa mga gawaing pagbasa. Ipinakita nito na ang motibasyon ay mahalagang salik sa pagpabuti ng kanilang pag-unawa. ipinakita rin sa pag-aaral na kapag may kasamang suporta at pagtutulongan ang mga gawain, mas naengganyo ang mga mag-aaral na magbasa. Dahil dito mas lumalalim ang kanilang pag-unawa sa mga tekstong binabasa. at kapag ang motibasyon ay pinalalakas sa pamamagitan ng kolaborasyon, mas nagiging masigasig at matiyaga ang mga mag-aaral sa pagbasa, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa (Martin & Ronquillo's, 2021).

Bukod dito, sinuri rin ng pag-aaral ang nilalaman ng mga aklat sa ingles at Filipino para sa baiting 7 at 8. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng mga gawaing kolaboratibo na nakapaloob sa mga aklat-aralin. Sa mga aktibidad na ito, hinihikayat ang mga mag-aaral na sagutan ang mga tanong sa pag-unawa nang sama-sama. Habang nagtutulongan sila, mas natutukoy nila ang mahahalagang detalye, nakagagawa ng mga hinuha at mas naiintindihan ang mga teksto. Ipinakita sa result ana kapag isinama sa mga aklat-aralin ang mga kolaboratibong gawain, Malaki ang naitutulong nito sa pag-unlad ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekondarya (Maxilom-mangompit et al., 2022).

Dagdag pa rito, sinuri rin ng pag-aaral ang paggamit ng sosyal midya ng mga mag-aaral sa pilipinas at ang epekto nito sa kanilang saloobin at kakayahan sa pagbasa, na nakatuon sa kolaboeratibong aspeto ng interaksyon sa social media. Natuklasan na ang mga sosyal midya na plataporma ay nagbibigaydaan sa mga mag-aaral na makilahok sa di pormal na talakayan tungkol sa mga paksang binabasa, kaya't napabuti

ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa pamamagitan ng interaksyon sa kapwa mag-aaral. Ang kolaboratibong kapaligiran na nalilikha sa sosyal midya ay nagbibigay ng bukas at madaling mapuntahang espasyo kung saan maaaring magtanong, magbahagi ng interpretasyon at makipagpalitan ng ideya tungkol sa binabasa, na lalong nagpapayaman sa kanilang karanasan sa pagbasa. Dahil sa interaktibong katagian ng social media, ito ay nakatulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa pamamagitan ng paglikha ng mga komunidad ng pagkatuto. Iminungkahi ng pag-aaral na ang sosyal midya ay maaaring maging mahalagang kasangkapan para sa kolaboratibong pag-aaral. Ipinakita sa result na nakabuo ng isang kultura ng pagbasa at talakayan na may positibong epekto sa saloobin at kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binasa (Gagalang, 2022).

Higit pa rito, ipinakita ng isa pang pag-aaral na ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa piling paaralang elementarya ay nagpapakita ng mahalagang papel ng kolaboratibong pag-aaral sa maagang pag-unlad ng literatura. Natuklasan na ang mga batang kalahok sa sabayang pagbasa ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa mga nagbasa nang mag-isa. Sa sabayang pagbasa nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral magtanong, talakayin ang mga bahagi ng kuwento at linawin ang hindi nila nauunawaan sa tulong ng kanilang mga kapwa mag-aaral. Sa ganitong paraan, nahihikayat ang mga bat na aktibong makisangkot sa pagbasa at mas mapalalim ang kanilang pag-unawa. napag-alaman ng pag-aaral na ang mga kolaboratibong aktibidad sa pagbasa ay lumilikha ng isang suportadong kapaligiran kung saan natututo ang mga mag-aaral mula sa isa't isa, na nagpapalakas ng damdamin ng komunidad at sama-samang pananagutan sa pagkatuto. Ipinakita ng mga resulta na ang kolaboratibong pag-aaral ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa murang edad (Fernandez & arriola, 2022).

Panghuli, sa pagbuo at pagbalidet ng isang panukat para sa kasanayan sa pag-unawa ng binasa, natuklasan ng mfa mananaliksik na ang kolaboratibong pag-aaral ay may malaking ambag sa pagpapahusay ng kakayahan sa pag-unawa. nang ang mga mag-aaral ay nakilahok sa mga gawaing ng grupo, kapansin-pansing mas mataas ang kanilang marka sa nasabing panukat. Iniuugnayb ito ng pag-aaral sa masigla at suportadong interaksyon na likas sa kolaboratibong pag-aaral. Ang mga gawaing grupo ay nagbigay-daan sa mga talakayan tungkol sa binasang material, na tumutulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa nilalaman. Binigyan-diin ng pag-aaral ang bisa ng kolaborasyon sa paghahanda para sa mga pagsusulit sa pagbasa, dahil sa grupo ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay at humasa ng kanilang kakayahan sa pag-unawa. ipinakita ng result na ang pagsasama ng kolaboratibong pag-aaral sa paghahanda para sa pagsusulit ay nakatuutulong sa pagtaas ng kumpiyansa at kakayahan ng mga mag-aaral (Velasco & Villanueva, 2022).

Pansariling kasiyahan at pagpapahusay. Ipinakita ng mga kolaboratibong kapaligiran sa pag-aaral na nakatutulong ito sa pagpapalakas ng pansariling kasiyahan at pagpapahusay, dahil nakararanas ang mga mag-aaral ng tagumpay at pag-unlad sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok. Ipinakita na malaki ang naging pagbuti ng kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa parehong wikang ingles at Filipino sa pamamagitan ng mga kolaboratibong gawain na ginamitan ng *code switching*. Sa pagtutulongan nakikilahok ang mga mag-aaral sa talakayan ng mga masalimuot na ideya gamit ang dalawang wika, na hindi lamang nagpalawak ng kanilang pag-unawa kundi nagdulot din ng pansariling kasiyahan habang hinaharap nila ang mga hamong linggwistiko. Ang kasiyahan nakukuha mula sa sama-samang pagtagumpay sa mga hadlang sa wika ang nagging motibasyon ng mga mag-aaral upang ipagpatuloy ang kanilang pagkatuto, na lumikha ng siklo ng positibong pagpapatibay. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga kolaboratibong gawain sa pagkatuto na tumatanggap at nagbibigay puwang sa pagkakaiba-iba ng wika ay

epektibong nakatutulong sa paglinang ng mga kasanayan at nakpagtataguyod ng mas malalim na antas ng pakikilahok at tiwala sa sarili. Ipinakita rin ng resulta na hindi lamang napabuti ng kolaboratibong pamamaraan ang kasanayan sa wika, kundi pinayaman din ang pangkalahatang karanasan sa pagkatuto (Espina & ibojo, 2023).

Bukod dito, sinuri rin ng pag-aaral ang mga pamamaraan sa pagbasa para sa mga mag-aaral sa *key stage* 2, na nakatuon sa kung paanong nakatutulong ang mga kolaboratibong pag-aaral sa pagpapataas ng antas ng literatura sa ingles at Filipino. Napag-alaman na ang mag-aaral na nagtatrabaho sa mga grupo ay mas nakamit ang mataas na antas ng literatura kumpara sa mga natututo nang mag-isa. Sa mga kolaboratibong sesyon ng pagbasa, nagbibigay ang mga mag-aaral ng pagkakataong magsanay sa pagbasa ng malakas, magpalitan ng interpretasyon at agad na makatanggap ng pun amula sa mga kapwa mag-aaral, na nagbibigay daan sa mas masiglang karanasan sa pagkatuto. Inilahad ng mga mag-aaral na ang pakikipag-usap sa mga kaklase tungkol sa mga binasang materyal ay nagpalalim ng kanilang pag-unawa at nagbigay ng damdamin ng tagumpay na magkakasama. Napagpasyahan ng pag-aaral na ang mga kolaboratibong pag-aaral sa pagbasa ay nakatulong hindi lamang sa pagpapabuti ng antas ng literatura kundi pati narin sa paglikha ng positibong kapaligiran sa pagkatuto na nagpalakas ng motibasyon at kasiyahan ng mga mag-aaral (Cassion & pagdato, 2023).

Dagdag pa rito, nagbigay rin ang isa pang pag-aaral ng karagdagang pananaw sa pamamagitan ng pagsubaybay sa mga pundasyong kasanayan sa matematika at pagbasa sa loob ng maraming henerasyon. Naging mahalagang salik ang kolaboratibong pag-aaral sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Sa pagsusuri ng datos mula sa iba't ibang taon, natuklasan na ang mga mag-aaral na lumahok sa mga kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto ay mas nagpakita ng mas mataas na antas ng retensyon at aplikasyon ng mga kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pagtutulongan, nabibigyang puwang ang mga mag-aaral na punan ang kakulangan sa kaalaman sa pamamagitan ng suporta ng mga kapwa mag-aaral at sama-samang paglutas ng mga suliranin. Ipinakita sa mga henerasyon na pag-unlad na ang mga paraan sa kolaboratibong pag-aaral ay maaaring magtatag ng matibay na pundasyon para sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, habang naipapasa ng mga mag-aaral ang mga epektibong istratiheya sa pagkatuto sa mas nakababatang henerasyon. Binanggit ng pag-aaral na ang paglikha ng isang kapaligiran kung saan natututo ang mga mag-aaral mula sa isa't isa ay napakahalaga para sa pagpapanatili ng pangmatagalang pag-unlad sa literatura. ipinakita sa mga resulta na ang kolaboratibong pag-aaral ay hindi lamang nakapagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa sa kasalukuyan kundi nakatutulong din sa pangkalahatang pag-unlad ng literatura ng mga susunod na henerasyon (Igarashi & suryadarma's, 2023). Higit pa rito, ginamit ang mga elektronik at lokal na limbag na materyales sa pagbasa upang suportahan ang mga mag-aaral sa baitang 3 sa pagpapabuti ng kanilang kakayahang umunawa ng binasa sa asignaturang Filipino. Hinihikayat ng proyekto ang mga mag-aaral na magbasa at talakayin ang mga kwentong may kaugnayan sa kanilang sariling kultura sa isang kolaboratibong kapaligiran. dahil dito mas nakaugnay ang mga mag-aaral sa mga binsabasang akda, kaya't naging mas kawili-wili at makahulugan ang kanilang pagkatuto. ipinakita ng pag-aaral na ang sama-samang pagtalakay sa mga kwentong pamilyar sa kultura ng mga mag-aaral ay nakakatulong upang lalong lumalim ang kanilang pag-unawa, habang pinapalakas din ang kanilang sarili at pagkakakilanlan. ipinakita ng mga resulta na ang paggamit ng mga materyal na may kaugnayan sa kultura ng mga mag-aaral sa loob ng kolaboratibong pag-aaral ay malaki ang naitulong sa pagpapabuti ng kanilang kakayahang umunawa at makilahok sa aralin (Niala, 2023).

Panghuli, may isa pang pag-aaral tungkol sa bisa ng lokal na babasahin, nakita rin ang makabuluhang pag-unlad sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa baitang 5. Lumabas sa pag-aaral na sa kolaboratibong

pagbasa gamit ang mga pamilyar at lokal na akda, mas madaling nakaugnay ang mga mag-aaral sa nilalaman ng teksto, kaya't mas lumawak ang kanilang pag-unawa. sa mga pangkatang gawain, nagtutulungan ang mga mag-aaral na linawin ang kakulangan ng mga salita at konsepto, kung saan ang mga mas bihasa ay gumagabay sa kanilang kaklase. Ipinakita ng pag-aaral na ang pagsasanib ng kolaboratibong pag-aaral at mga akdang may kaugnayan sa kultura ay epektibong paraan upang mapalawak ang pag-unawa sa binasa at lumikha ng isang positibo at inklusibong kapaligiran sa silid-aralan (Requiso-jimenez & bascos-ocampo, 2022).

Komunikasyon at interaksyon. Ang kolaboratibong pag-aaral ay isang pamamaraang pedagogikal na nagbibigay diin sa kooperasyon sa pagitan ng mga miyembro ng grupo, na nagtataguyod ng isang kapaligiran kung saan aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral upang makamit ang mga layunin sa pagkatuto. Hindi lamang nito pinahuhusay ang akdemikong pagganap, kundi pinapalalim din ang pansariling kasiyahan at pagpapahusay, habang nararanasan ng mga mag-aaral ang pag-unlad sa pamamagitan ng kanilang ambag at suporta sa isa't isa. Mahalaga ang epektibong komunikasyon at interaksyon sa ganitong uri ng pagkatuto, dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na talakayin ang mga ideya, magbigay ng puna at lutasin ang mga problema ng sama-sama, na humahantong sa mas malalim na pag-unawa at mas matibay na pakikipagkapwa. Ipinakita sa pag-aaral na pinapaunlad ng kolaboratibong pag-aaral ang mahahalagang kasanayang interpersonal at pinayaman ang karanasan sa pag-aaral, kaya't nagiging mas kasiya-siya at makabuluhan ang pagkatuto (Abelon, 2023).

bukod pa rito, isang pagsusuri sa isang walong linggong *learning recovery* na programa na nakatuon sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa sa Filipino, ingles at *mother tongue* ang nagpakita ng kahalagahan ng kolaboratibong interaksyon. lumahok ang mga mag-aaral sa maliliit na pangkat sa pagbasa upang maisanay ang kanilang kasanayan sa wika sa isang suportadong kapaligiran. Ipinakita ng pag-aaral na sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa, natutulungan ng mga mag-aaral ang isa't isa sa pagbibigay kahulugan sa mahihirap na bokabularyo, pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa nang tuloy-tuloy at pagpapalawak ng pag-unawa. nagging daan din ang programa sa pagbuo ng matibay na ugnayang interpersonal, na nagpalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Lumabas sa result ana Malaki ang naitulong ng kolaboratibong pag-aaral sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng epektibong lomunikasyon at pagtutulungan (Dianela et al, 2023).

Dagdag pa, ipinakita ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 11 ang kahalagahan ng komunikasyon sa kolaboratibong pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapatupad ng *reading enhancement and assessment (REAP)*. Layunin ng planong ito na paunlarin ang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mga gabay na talakayan at pagsusuring isinasagawa ng kapwa mag-aaral. Sa mga *REAP* na sesyon, hinihikayat ang mga mag-aaral na malayang ipahayag ang kanilang mga ideya at interpretasyon, na lumilikha ng kapaligirang bukas sa aktibong interaksyon. ipinakita ng mga natuklasan na ang mga regular na komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral ay hindi lamang nagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa kundi nagpapalawak din ng kakayahang mag-isip nang kritikal, habang sama-sama nilang sinusuri ang mga teksto, tinatalakay ang kakulangan nito at nililina ang mga hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng sama-samang interaksyon. sa kabuoan malaki ang naging epekto ng *REAP* sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagbasa at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng epektibong kolaboratibong komunikasyon (Sor & caraig's, 2021).

Higit pa rito, isinama ang mga gabay na aralin sa pagbasa gamit ang mga digital na kwento upang mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa sa pamamagitan ng isang kolaboratibong balangkas. Ang digital na anyo ay nagbigay ng isang interaktibong plataporma kung saan

sabay-sabay na naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa mga kwento, kasama ang pagtalakay sa mga tauhan, tema at mga elementong pampanitikan. Ang mga gabay na sesyon na ito ay binigyang diin ang komunikasyon sa pagitan ng mga kapwa mag-aaral, na nagbigay daan upang sila ay makapagtanong at makapagpaliwanag sa isa't isa. Ang kolaboratibong pag-aaral gamit ang digital na kagamitan ay naging mas kawili-wili at mas madaling lapitan, dahil nagkakaroon ng aktibong interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at ng nilalaman ng teksto sa tunay na oras. Ipinakita sa resulta na ang paggamit ng digital na kwento sa kolaboratibong pagbasa ay lubos na nakatulong sa pag-unlad ng pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto (Alerta & segumpan, 2023).

Panghuli, ipinakita sa pagsusuri ng mga maikling kwentong Filipino kung paano hinihikayat ng kolaboratibong pag-aaral sa mga klase ng panitikan ang makabuluhang talakayan at interpretasyon. Nakilahok ang mga mag-aaral sa mga talakayan ng grupo kung saan kanilang tinatalakay ang mga temang panlipunan at tunggalian ng mga uri sa lipunan na nakapaloob sa mga kwento. Sa pamamagitan ng aktibong pagpapahayag ng kanikanilang pananaw, nabigyan sila ng pagkakataong suriin ang mga tekstong pampanitikan mula sa iba't ibang perspektib, na lalo pang nakatulong sa paglinang ng kanilang kritikal na pag-iisip. napatunayang sa pagtutulungan ng mga mag-aaral ay mas nagiging malawak ang pag-unawa sa masalimuot na usaping panlipunan, na naging mas makabuluhan at may kaugnayan sa kanilang karanasan. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na ang kolaboratibong pamamaraan ay nagdulot ng mas mataas na antas ng pakikilahok at mas masusing pagpapahalaga sa mga tekstong pampanitikan (Abraham et al, 2024).

Kabuoan ng kolaboratibong pag-aaral

Ang kolaboratibong pag-aaral ay isang estratehiyang pedagogikal na nagbibigay halaga sa pagtutulungan ng mga mag-aaral upang makamit ang iisang layunin sa pagkatuto. hindi lamang nito pinahuhusay ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, kundi pati narin ang kanilang pansariling kasiyahan at pagpapahusay, habang sila ay lumalago sa kanilang ambag at suporta sa isa't isa. Ang mabisang komunikasyon at interaksyon ay mahalaga sa ganitong kapaligiran, sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon upang talakayin ang mga ideya, magbigay ng puna at sama-samang lutasin ang mga suliranin na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa at mas matibay na ugnayan ng komunidad ng pagkatuto. Sa pangkalahatan, ang kolaboratibong pag-aaral ay nagpapalawak ng mahahalagang kasanayang interpersonal at nagpapayaman sa karanasan sa edukasyon, na ginagawang mas masaya at makabuluhan ang pagkatuto. Napatunayan ng mga resulta na ang pamamaraang ito ay may malaking ambag sa tagumpay sa akdemya at sa personal na pag-unlad ng mga mag-aaral, kaya't higit na pinagtitiibay ang kahalagahan ng kolaboratibong ugnayan sa mga kontekstong pang-edukasyon.

Kasanayan sa wika

Ang kasanayan sa wika ay mahalagang bahagi ng komunikasyon at pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Saklaw nito ang kakayahang makaunawa, makapagsalita at makagamit ng wika nang angkop sa iba't ibang sitwasyon. Malaki ang papel ng kakayahang ito sa tagumpay sa pag-aaral, lalo na sa pagbasa at pagsulat, dahil nakatutulong ito sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga teksto at maipahayag nang malinaw ang kanilang mga ideya. mahalaga ring maunawaan ang tiyak na pangangailangan sa wika ng mga mag-aaral upang makabuo ng mga epektibong estratehiyang pang-edukasyon na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa wika at pangkalahatang pagganap sa akademya. sa konteksto ng mga mag-aaral sa Filipino, ipinakita sa pag-aaral na may iba-ibang antas ng kasanayan sa wika, na naaapektuhan ng mga salik tulad ng pagiging bilinggwal, paraan ng pagtuturo at kontekstong sosyo-kultural. Lumabas sa mga resulta na ang mga salik na ito ay may malaking epekto sa pag-unlad ng

kasanayan sa wika ng mga mag-aaral, kaya't kinakailangan ng mga tiyak at angkop na paraan upang mapalakas ang kanilang kasanayan sa wika (Urbano et al, 2021).

bukod pa rito, tinalakay rin ng pag-aaral ang epekto ng pagiging bilingwal sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Natuklasan na ang mga mag-aaral na mahusay sa parehong Filipino at ingles ay mas mataas ang antas ng pag-unawa kumpara sa mga gumagamit lamang ng isang wika. Ipinakita ng pag-aaral ang masalimuot na ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa wika at kasanayan sa pag-unawa at ipinapahiwatig na ang pagiging bilingwal ay maaaring makatulong sa pag-unlad ng kognitibong kakayahan na may kaugnayan sa paggamit ng wika. Binigyan diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng mga programang pang-edukasyon na sumusuporta sa pagiging bihasa sa parehong wika, upang mas mapaghandaan ng mga mag-aaral ang mga hamon sa isang mas globalisadong mundo. Ito ay nagresulta na ang pagiging bilingwal ay may positibong epekto sa pag-unlad ng pag-unawa at pagproseso ng impormasyon (Lobaton, 2022).

Dagdag pa rito, sinuri rin ng isa pang pag-aaral ang epekto ng pagbibigay ng papuri sa pagsisikap ng mga guro sa motibasyon at pananaw ng mga mag-aaral na nahihirapana sa ingles bilang pangalawang wika. Natuklasan na kapag pinupuri ng mga guro ang pagsisikap ng mag-aaral sa halip na ang kanilang likas na talion, mas nagiging matibado ang mga mag-aaral at mas positibo ang kanilang pananaw sa pagbasa. Nakatulong ito upang magkaroon sila ng tiwala sa sarili at maging mas determinado sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa wika. Ipinapakita ng mga natuklasan ang kahalagahan ng hindi lang pagtuturo ng wika, kundi pati ang paghubog ng kaisipang paglago o pananaw na kayang matutunan ang isang bagay sa pamamagitan ng pagsisikap. Ito ay nagresulta na ang pagbibigay ng papuri ay may malaking tulong sa pagpapataas ng motibasyon at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral (Calingasan & Plata, 2022).

Higit pa rito, sinuri ng pag-aaral ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa ng mga maikling kwentong pabula mula sa Pilipinas. Layunin nitong tukuyin ang kasanayan sa wika na kailangan upang maintindihan ang mga tekstong may kaugnayan sa kanilang kultura. Napag-alaman na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng tema at aral ng mga kwento, na nagpapakita ng pangangailangan para sa tulong sa pagtuturo na tumatalakay sa parehong wika at nilalaman. Ipinakita ng pag-aaral ang kahalagahan ng mga programang pantulong sa pagkatuto na pinagsasama ang kasanayan sa wika at mga kwentong may kabuluhan sa kultura. Sa pamamagitan nito, mas nagkakaroon ang mga mag-aaral ng koneksyon ang mga mag-aaral sa kanilang natutunan at sa sariling kultura. Ito ay nagresulta na ang paggamit ng mga tekstong may kaugnayan sa kultura ay malaki ang naitulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral at paglinang ng kanilang kasanayan sa wika (Federe et al. 2023).

Panghuli, ginamit ang mga makabagong pamamaraan sa pag-aaral upang suriin ang mga di kognitibong salik na nakaapekto sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Pilipino sa wikang ingles. Lumabas sa resulta na ang mga salik tulad ng motibasyon, tiwala sa sariling kakayahan at kalagayang panlipunan at pangkabuhayan ay may malaking epekto sa kasanayan sa wika at kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Dahil dito nagbigay ang pananaliksik ng mahalagang kaalaman kung paano maaaring iakma ang mga estratehiya sa pagtuturo upang mas matugunan ang pangangailangan ng iba't ibang uri ng mag-aaral. Ang kahalagahan ng mas malawak na pananaw sa pagtuturo ng wika ay hindi lamang nakatuon sa kaalaman sa gramatika o bokabularyo, kundi pati narin sa mga personal at panlipunang aspeto na nakaapekto sa pagkatuto. Ito ay nagresulta na mahalagang isaalang-alang ang parehong kognitibo at di kognitibong aspeto upang mapahusay ang kasanayan sa wika at mapabuti ang pangkalahatang resulta sa edukasyon ng mga mag-aaral (Bernardo et al, 2021).

Ang susunod na seksyon ay nagpapakita ng mga kaugnay na literatura tungkol sa impluwensya ng pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at pag-unawa patungo sa kasanayan sa wika.

Pagbasa. Ang kasanayan sa pagbasa ay isang mahalagang bahagi ng kakayahang pangwika. Kabilang dito ang kakayahang umunawa, magpaliwanag at suriin ang mga tekstong binabasa. Ito ay nagsisilbing pundasyon ng tagumpay sa pag-aaral, lalo na para sa mga mag-aaral na nakararanas ng ibat ibang uri ng kurikulum sa mutilingwal na konteksto. Ang pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ay naaapektuhan ng maraming salik tulad ng paraan ng pagtuturo, kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya at personal na katangian ng mga mag-aaral. Mahalaga ang pag-unawa sa mga ito upang makapagpatupad ng epektibong mga hakbang para mapabuti ang kasanayan sa pagbasa. sa Pilipinas, maraming pag-aaral ang isinagawa upang tukuyin ang mga hamon at solusyong naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinakita ng mga resulta na ang pagtugon sa mga hamong ito ay maaaring magdulot ng malaking pagbuti sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at sa kanilang pangkalahatang pagganap sa paaralan (Evasco, 2024).

Bukod dito, sinuri sa pag-aaral ang ugnayan ng *growth mindset*, kakayahan sa pagbasa at katayuang sosyo-ekonomiko ng mga mag-aaral na *ESL* gamit ang datos mula sa *PISA* 2018 sa Pilipinas. Ipinakita sa resulta na ang mga mag-aaral na may *growth mindset* o paniniwalang kaya pang umunlad ang kanilang kakayahan sa pamamagitan ng pagsisikap ay may mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa. ibinunyag din ng pag-aaral ang hindi pagkakapantay-pantay sa kakayahan sa pagbasa batay sa sosyo-ekonomikong kalagayan, kung saan mas nahihirapan ang mga mag-aaral mula sa mas mababang antas ng lipunan na paunlarin ang kanilang kasanayan sa pagbasa. ipinakita sa resulta na sa pagtugon sa parehong aspeto ng kaisipan at mapabuti ang kasanayan sa pagbasa ng lahat ng mag-aaral (Bernardo, 2023).

Dagdag pa rito, may isang pag-aaral na tumutok sa mga suliranin sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa baiting 10. Natuklasan sa pag-aaral na marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang unawain ang masalimuot na teksto at gumawa ng mga hinuha, na mahalaga sa pagiging mahusay sa pagbasa. ayon sa pag-aaral, ang mga suliraning ito ay may kaugnayan sa kakulangan ng gabay mula sa guro at limitadong pagkakalantad ng mga mag-aaral sa ibat ibang uri ng babasahin. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga espesipikong suliranin sa pag-unawa, nakapagbigay ang pag-aaral ng mahahalagang impormasyon kung paano makakatulong ang mga kaukulang hakbang upang mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay nagresulta na ang pagtugon sa mga tiyak na hamon sa pagbasa sa pamamagitan ng angkop na mga estratehiya ay makakatutulong nang malaki sa pagpapabuti ng kanilang kasanyang pangwika (Cabural & infatado, 2023).

Higit pa rito, tinalakay sa pag-aaral ang mga hamon sa pagbasa na nararanasan ng mga mag-aaral at nagbigay ng mungkahi para sa mga programang pagbabasa sa paaralan. gumamit sila ng mga sarbey at panayam upang makuha ang mga karanasan ng mga mag-aaral tungkol sa pagbasa. lumabas sa resulta na ilan sa mga hadlang ay ang kakulangan sa bokabularyo, kawalan ng gana at hindi sapat na paraan ng pagtuturo. Ayon sa pag-aaral, maraming mag-aaral ang nahihirapan at nawawalan ng interes sa pagbasa dahil sa hirap ng mga babasahin. binigyan diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng pakikinig sa mga mag-aaral at paggamit ng kanilang opinyon sa paggawa ng mga programang akma sa kanilang pangangailangan at interes. Ito ay nagresulta na kung matutugunan ang mga hamong ito sa pamamagitan ng tamang tulong, mas maganda ang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa pagbasa (Tomas et al, 2021).

Panghuli, tinutukan ng pag-aaral ang ugnayan ng kasarian, pagkilala sa salita at pag-unawa sa binasa ng ma mag-aaral sa gitnang baitang. Natuklasan na halos magkapareho ang kakayahan ng mga babae at lalaki sa pagkilala ng salita, pero may pagkakaiba sa pag-unawa sa binasa. Ipinaliwanag ng pag-aaral na maaaring may epekto ang mga salik sa paligid at lipunan sa pagkakaibang ito. ipinakita ng pag-aaral na

mahalaga ang pag-unawa sa mga pagkakaiba ng bawat mag-aaral, tulad ng kasarian, para makagawa ng mga programang mas angkop at epektibo. Sa kabuoan, binigyan din ng pag-aaral na maraming aspeto ang dapat isaalang-alang para mapabuti ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Pilipinas (Fabella & abaoag, 2023).

Pagsulat. Ang kasanayan sa pagsulat ay mahalagang bahagi ng kasanayan sa wika. malapit itong kaugnay ng pag-unawa sa binasa at pangkalahatang kasanayan sa komunikasyon. ang kakayahang maipahayag ng malinaw at maayos ang mga ideya sa pamamagitan ng pagsulat ay hindi lamang nagpapabuti ng akademikong pagganap kundi may mahalagang papel din sa personal at propesyonal na pag-unlad. Sa mga institusyong pang-edukasyon, ginagamit ang pagsusulat bilang kasangkapan upang masukat ang pag-unawa at mapalalim ang paglahok ng mga mag-aaral sa nilalaman na aralin. Habang umuusad ang mga mag-aaral sa mas mataas na edukasyon, tumataas din ang inaasahan sa kanilang kasanayan sa pagsusulat, kayat nagiging mahalaga ang nakatuong pagtuturo at suporta upang matugunan nila ang mga pangangailangang ito. ipinakita ng resulta na ang komprehensibong paraan ng pagtuturo sa pagsusulat ay malaki ang naitulong sa pagpapahusay ng kabuoang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral (Manaois, 2021).

Bukod dito, tinalakay sa isang pag-aaral ang ugnayan sa pagitan ng kahusayan sa ingles at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa elementarya sa Pilipinas. Natuklasan sa pag-aaral na mas mataas na antas ng kahusayan sa ingles ay may kaugnayan sa mas mahusay na pag-unawa sa mga teksto. Binigyan din ng pag-aaral na ang kasanayan sa wika ay hindi lamang nakatutulong sa pag-unawa kundi pati na rin sa kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang ideya sa pagsusulat. ipinakita sa pag-aaral ang kahalagahan ng pagsasama ng pagsasanay sa kahusayan sa wika sa pagtuturo ng pagsusulat upang mapabuti ang kabuoang kasanayan sa literatura. Sa pamamagitan ng pagtuon sa parehong kasanayan sa pagbasa at pagsulat, nagbigay ang pag-aaral ng balangkas sa pagbuo ng kurikulum na nagsusulong sa dalawang aspetong ito. Ipinakita sa resulta na ang ganitong integratibong pamamaraan ay epektibong nagpapahusay sa literatura ng mga mag-aaral (Aballe et al, 2024).

Dagda pa, sinuri rin sa isang pag-aaral ang pagiging angkop ng mga modyul na ginagamit sa pagtuturo at ang epekto nito sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 8. natuklasan sa pag-aaral na ang antas ng kahirapan ng mga babasahing materyales ay may malaking epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa at makisangkot sa teksto. ipinakita ng pag-aaral ang pangangailangang iakma ang mga babasahin sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral upang mapalago ang kanilang pag-unawa at kasanayan sa pagsusulat. tinalakay din ng pag-aaral ang implikasyon ng pagiging angkop ng mga babasahin sa mga gawaing pagsusulat ng mag-aaral, dahil ang masyadong mahihirap na teksto ay maaaring maging hadlang sa kanilag pagkaunawa. Sa pagbibigay din sa ugnayan ng pagiging angkop ng teksto at literatura, nanawagan ang pag-aaral ng masusing pagsusuri sa mga kagamitang pang-edukasyon upang mapahusay ang kasanayan sa pagsusulat. ipinakita ng resulta na ang pagtugon sa isyu ng pagiging angkop ng mga babasahin ay maaaring magdulot ng mas mabuting pag-unawa at kakayahang magsulat ng mga mag-aaral (Dariagan & laureto, 2022).

Higit pa rito, isinagawa ang isang masusing pag-aaral sa naging pagganap ng mga mag-aaral na Pilipino sa *PISA* na pagsusulit, na nakatuon sa papel ng mga personal na katangian, mga ugnayang malapit sa mag-aaral, at mga panlipunang konteksto. Lumabas sa pag-aaral na malaki ang naging epekto ng iba't ibang personal at panlipunang salik tulad ng motibasyon at suporta ng mga kaibigan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, kabilang na ang kanilang kasanayan sa pagsulat. ipinakita ng pananaliksik na maaaring makatulong o makasagabal ang mga salik na ito sa paglinang ng kakayahang pangwika, partikular sa

pagsulat. sa pagtukoy sa iba't ibang aspeto na nakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral, binigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangang isaalang-alang ng mga sistemang pang-edukasyon ang mga salik na ito sa pagbuo ng mga estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat at iba pang kakayahang pangwika. ipinakita rin ng mga natuklasan na mahalagang tugunan ang mga personal at panlipunang salik upang mapahusay ang kakayahan sa pagsulat at ang pangkalahatang tagumpay ng mga mag-aaral sa pag-aaral (Haw & king, 2023).

Panghuli, sinuri rin ng pag-aaral ang epekto ng pagbibigay ng papuri sa pagsisikap ng mga Pilipinong *ESL* na mag-aaral sa pamamagitan ng isang interbensiyong nakatuon sa *growth mindset*. ipinakita ng pag-aaral na ang pagpapalaganap ng *growth mindset* ay hindi lamang nagpabuti sa kanilang kakayahan sa pagbasa kundi nagdulot din ng positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat. sa pamamagitan ng paghikayat sa mga mag-aaral na tingnan ang mga hamon bilang pagkakataon para sa pagkatuto, natulungan silang paunlarin ang katatagan sa mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa at pagsulat. Nagbigay ang pag-aaral ng mahalagang pananaw sa kung paanong ang mga salik na may kinalaman sa motibasyon ay maaaring magpahusay sa kakayahang pangwika, at binigyang-diin nito ang malalim na ugnayan sa pagitan ng pagbasa at pagsulat. sa kabuuan, ipinakita ng pananaliksik ang pagiging masalimuot ng pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat, at hinikayat ang paggamit ng mga pinagsamang estratehiya na sabay na nagpapalakas sa pagbasa at pagsulat upang mas epektibong matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay sa pagkatuto. ipinakita ng mga natuklasan na ang sabayang paglinang sa dalawang kasanayang ito ay maaaring makapagpataas nang malaki sa kabuuang kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. (Calingasan & plata, 2022).

Pagpapaliwanag. Ang kasanayan sa pagsasalita ay mahalagang bahagi ng kabuoang kakayahan sa wika at may malaking papel sa epektibong komunikasyon. saklaw nito ang kakayahang malinaw at maayos na maipahayag ang mga kaisipan, ideya, at damdamin sa pasalitang anyo. Sa larangan ng edukasyon, mahalaga ang kasanayang ito upang makalahok sa mga talakayan, makapaglahad ng impormasyon, at makipag-ugnayan sa mga kapwa mag-aaral at guro. Lalong mahalaga ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita para sa mga mag-aaral na Pilipino na kailangang sanayin sa parehong katutubong wika at ingles bilang pangalawang wika. Ang kakayahang maipahayag ang sariling kaisipan sa pasalitang paraan ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong pagganap kundi nakapagpapalakas din ng tiwala sa sarili at pakikipag-ugnayan sa iba. ipinakita ng resulta na ang pagbibigay-pansin sa kasanayan sa pagsasalita ay may malaking ambag sa pangkalahatang pag-unlad ng kakayahan sa wika ng mga mag-aaral (Sahib, 2022). Bukod pa rito, isang pag-aaral ang nagsuri sa mga lingguwistikong katangian na nakaaapekto sa antas ng kahirapan sa pagbasa ng mga tekstong edukasyonal sa wikang Filipino. ipinakita sa mga natuklasan na ang paggamit ng masalimuot na estruktura ng wika ay maaaring makahadlang sa pag-unawa sa binabasa at maging sa kasanayan sa pagsasalita. binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagpapasimple ng wika sa mga kagamitang pampagkatuto upang mapadali ang pag-unawa at komunikasyon. sa paggawa ng mga tekstong mas madaling maunawaan, mas nagiging kumpiyansa ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin at kaisipan. ito ay nagresulta na ang pagtugon sa mga lingguwistikong hamon ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng pangkalahatang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral (Imperial & ong, 2021).

Dagdag pa, ipinakilala sa isa pang pag-aaral ang programang *MARITES* na nakatuon sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa pamamagitan ng *mentor-mentee* na pagtutulungan. isa sa mga pangunahing bahagi ng programang ito ang oral na pagkukuwento, na hindi lamang nagpapalalim ng pag-unawa sa binabasa kundi nagsisilbing paraan upang mapaunlad din ang kasanayan sa pagsasalita. sa

pamamagitan ng pagkukuwento, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang pagkaunawa, saloobin, at pananaw. lumalabas sa resulta ng pag-aaral na ang ganitong kolaboratibong paraan ng pagkatuto ay may positibong epekto sa parehong pagbasa at pagsasalita. ipinapakita ng mga natuklasan na ang ugnayan ng mga kasanayang ito ay mahalaga sa paglinang ng kabuoang kakayahan sa wika (Rubin & travero, 2022).

Higit pa rito, sinuri ng isang pag-aaral ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang V sa pamamagitan ng programang *library hour* sa Pilipinas. Ipinakita ng pag-aaral na ang regular na pagbabasa ay may positibong epekto sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang mga lumahok sa programang ito ay hindi lamang gumaling sa pagbasa kundi mas naging kumpiyansa rin sa kanilang pagsasalita. Sa pagbabahagi ng kanilang opinyon at kaalaman tungkol sa mga binasa nilang teksto, nabigyan sila ng pagkakataong magsanay sa pagsasalita. Ipinakita ng resulta na mahalagang pagsabayin ang pagbasa at pagsasalita upang mapabuti ang kabuuang kakayahan sa wika ng mga mag-aaral (Figuracion & ormillla, 2021).

Panghuli, binuo ang isang *intelligent tutoring system* para sa pag-unawa sa pagbasa sa ingles, na nakaayon sa karanasan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan. may kasamang bahagi ang sistemang ito para sa pagsasalita, kung saan maaaring magsanay ang mga mag-aaral sa isang gabay at sistematikong paraan. ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng teknolohiya ay epektibong nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa at pagsasalita. Sa pamamagitan ng personal na puna at mga gawain sa pagsasalita, natutulongan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika. Lumabas sa pag-aaral na ang pinagsamang pagsasanay sa pagbasa, pagsasalita, at pag-unawa gamit ang teknolohiya ay epektibong paraan upang mapaunlad ang wika ng mga mag-aaral (Mariñas et al, 2021).

Pakikinig. ang kasanayan sa pakikinig ay isang mahalagang bahagi ng kabuoang kakayahan sa wika at may malaking papel sa epektibong komunikasyon at pagkatuto. Kabilang dito ang kakayahang tumanggap, umunawa, at tumugon nang tama sa mga sinasabi ng kausap na siyang batayan ng pakikisalamuha sa paaralan at sa araw-araw na buhay. sa konteksto ng edukasyong pangwika, mahalaga ang kasanayan sa pakikinig upang maunawaan ang sinasalitang wika, na nakatutulong din sa kasanayan sa pagbasa, pagsasalita, at pagsulat. ang pagsasama ng mga gawaing pakikinig sa kurikulum ng wika ay nakatulong nang malaki sa kabuuang pag-unlad ng wika ng mga mag-aaral, dahil tinutugunan nito ang lahat ng aspeto ng komunikasyon. ipinakita sa resulta ng pag-aaral na ang pagsama ng pakikinig sa mga programang pang-edukasyon ay nagdulot ng pagtaas sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral (Moral & villarente, 2024).

bukod pa rito, sinuri sa isang pag-aaral ang epekto ng mga gawaing gumagamit ng *higher-order thinking skills* (HOTS) sa antas ng pag-unawa sa binasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 5. ipinakita ng pag-aaral na ang pagsali ng mga mag-aaral sa mga *HOTS* na gawain ay humihikayat ng mas aktibong pakikinig at masusing pagsusuri bago makabuo ng sagot. dahil dito, mas nahahasa ang kanilang kakayahang umunawa sa mas komplikadong mga babasahin. lumabas sa pag-aaral na may malinaw na ugnayan ang pakikinig, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa sa binabasa, na nagpapakita ng kahalagahan ng kasanayan sa pakikinig sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip. ayon sa mga resulta, ang mga mag-aaral na lumahok sa mga *HOTS* na gawain ay nagpakita ng mas mahusay na kakayahang makinig at umunawa sa binasa (Binoya, 2021).

dagdag pa rito, sinuri rin ang ugnayan ng pagbasa at pagsulat batay sa mga lakas at kahinaan sa literatura ng mga mag-aaral na *ESL* sa kolehiyo, gamit ang resulta ng isang *diagnostic test*. binibigyang-diin ng pag-aaral ang papel ng pakikinig sa pag-unlad ng literatura, lalo na kung paano nito naaapektuhan ang kakayahan sa pagbasa at pagsulat. ipinakita sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na aktibong nakikilahok

sa mga gawaing pakikinig ay mas nagagawang mailipat ang kanilang pagkaunawa tungo sa mga gawaing pasulat. itinatampok sa pananaliksik na ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig ay mahalaga upang suportahan ang kakayahan sa pagbasa at pagsulat ng mga *ESL* na mag-aaral. ipinapakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral na humusay sa pakikinig ay nagpakita rin ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat, na nagpapatunay sa ugnayan at kaugnayan ng mga kasanayang ito (Aquino, 2021). Higit pa rito, nagbigay ang pag-aaral ng mas malalim na pananaw tungkol sa papel ng pakikinig sa kasanayan sa wika sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga prosodic na katangian ng pagbasa ng mga batang Pilipino bilang bahagi ng pagtataya sa oral na pagbasa ng mahusay. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na mahalaga ang mabisang pakikinig sa paglinang ng mga kasanayan sa prosodiya, na kinakailangan para sa matataas na pagbasa. ang mga batang may mahusay na kakayahan sa pakikinig ay kadalasang nagtataglay ng mas mataas na oral na pagbasa ng mahusay. Ipinakita ng pag-aaral na ito ang direktang ugnayan ng pakikinig at kasanayan sa pagbasa, kaya't mahalagang isama ang mga gawain sa pakikinig sa mga kurikulum upang mapalawak ang kasanayan sa wika. ang mga mag-aaral na sumailalim sa mga espesipikong aktibidad sa pakikinig ay nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang oral na pagbasa ng fluency, kaya't dapat bigyangdiin ang pagpapalakas ng kakasahan sa pakikinig sa edukasyon sa wika (Dimzon & pascual, 2023).

Panghuli, sinuri rin ng pag-aaral ang bisa ng programang Brigada Pagbasa na naglalayong mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school. Isinama sa programa ang mga gawaing nakatuon sa pakikinig upang suportahan ang pag-unawa sa pagbasa. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral na lumahok sa mga gawaing pakikinig bilang bahagi ng Brigada Pagbasa ay nagpakita ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pag-unawa. Patunay ito na epektibo ang pagsasanib ng pakikinig sa pagtuturo ng pagbasa upang makabuo ng mas komprehensibong paglinang sa kakayahang pangwika. Sa kabuuan, binigyang-diin ng mga pag-aaral na ito ang mahalagang papel ng pakikinig sa paglinang ng kakayahang pangwika, lalo na sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binasa, mapanuring pag-iisip, at mabisang komunikasyon. Ipinakita ng mga resulta na ang pagsasama ng mga gawaing pakikinig ay may malaking ambag sa kabuuang pag-unlad ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral (Hutamares, 2023).

Pag-unawa. Ang pag-unawa ay isang mahalagang bahagi ng kasanayan sa wika na nagsisilbing pundasyon ng maayos na komunikasyon at pagkatuto. Tumutukoy ito sa kakayahang makaunawa, magpaliwanag, at magsuri ng pasulat at pasalitang wika. Sa paaralan, mahalaga ang kasanayang ito upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin at tekstong binabasa sa iba't ibang asignatura. Kapag mahusay sa pag-unawa, mas nagiging mahusay din ang isang mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon, paggawa ng koneksyon, at paggamit ng kaalaman sa iba't ibang sitwasyon. Ang pagbibigay-diin sa pag-unawa sa pag-aaral ng wika ay tumutulong sa mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa at nagdadala sa mas matagumpay na pag-aaral. Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral na may mas mataas na kasanayan sa pag-unawa ay mas mahusay ang pagganap sa paaralan at mas aktibong nakikilahok sa mga aralin (Ching et al., 2024).

Bukod dito, sinuri rin sa isang pag-aaral ang programa ng *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)*, na ginagamit upang sukatin ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Pilipinas. Tiningnan sa pag-aaral kung gaano kaepektibo ang Phil-IRI sa pagtukoy sa antas ng pagbasa at kung paano ito nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa. Napag-alaman na kahit nakatutulong ang programa sa pagtukoy ng problema sa pagbasa, kailangan pa itong pagbutihin, lalo na sa bahagi ng pagsusuri sa kasanayan sa pag-unawa. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na kung mas palalawakin ang Phil-IRI upang masuri rin ang mas

malalim na pag-unawa, mas matutulungan nito ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa (Abril et al., 2022).

Dagdag pa rito, tiningnan sa isang pag-aaral ang papel ng bokabularyo sa pag-unawa sa mga akdang pampanitikan para sa mga batang Pilipino. Napag-alaman sa pag-aaral na may kaugnayan ang antas ng bokabularyo sa kakayahang umunawa ng binabasa. Sa pagsusuri sa ilang mga akda, natukoy ng mga mananaliksik ang ilang salitang nakatutulong o nakahahadlang sa pag-unawa ng mga bata. Lumabas sa pag-aaral na ang paggamit ng mga salitang angkop sa edad at madaling maintindihan ay malaking tulong sa pagpapahusay ng pag-unawa. Pinatibay ng pag-aaral na mahalaga ang kaalaman sa wika at tamang bokabularyo sa mas epektibong pagbabasa at pag-unawa, lalo na sa mga batang mambabasa. Ayon sa mga resulta, ang pagsasaalang-alang sa antas ng bokabularyo ay maaaring magdulot ng malaking tulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binabasa (Imperial & Ong, 2021).

Higit pa rito, tinalakay rin sa isang pag-aaral ang paggamit ng kritikal na literasi sa pagtuturo ng pagbasa ng mga guro sa Grade 10 na nagtuturo ng English bilang pangalawang wika. Natuklasan na ang ganitong paraan ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Gumamit ang mga guro ng mga estratehiyang nagtutulak sa mga estudyante na magtanong, magsuri ng pananaw, at makilahok sa talakayan tungkol sa mga binabasa. Sa pagsasama ng kritikal na literasi sa pagtuturo, mas napalalim ang pag-unawa at naging mas aktibo ang mga estudyante sa pagkatuto. Ipinakita ng pag-aaral na ang ganitong paraan ng pagtuturo ay higit na epektibo kaysa sa simpleng pag-intindi lamang ng teksto (Rosos et al., 2022).

Panghuli, sinuri rin sa isa pang pananaliksik ang epekto ng *gamification* o paggamit ng laro sa pagtuturo ng Ingles sa mga Filipino *ESL* na mag-aaral. Lumabas na mas naging interesado at masigasig ang mga mag-aaral sa pag-aaral, kaya mas gumanda ang kanilang pag-unawa sa binabasa at pinakikinggan. Sa pamamagitan ng mga interaktibong gawain, natututo sila ng wika sa mas masaya at makabuluhang paraan. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga makabagong estratehiya tulad ng *gamification* ay may positibong epekto sa pag-unlad ng kasanayang pangwika, lalo na sa pag-unawa (Orejuela et al., 2022).

Kabuonan ng kasanayan sa wika

Sa kabuuan, ang kasanayan sa wika ay binubuo ng mahahalagang kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at pag-unawa—na lahat ay mahalaga para sa epektibong komunikasyon at tagumpay sa pag-aaral. Ipinakita ng pag-aaral na ang mahusay na kasanayan sa pagbasa ay tumutulong sa mas kritikal na pagtingin sa mga teksto, habang ang maayos na pagsulat ay nagpapahintulot sa malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya. Mahalaga rin ang kasanayan sa pagsasalita para sa pakikipagtalastasan sa loob ng silid-aralan, at ang epektibong pakikinig ay nagpapalalim ng pag-unawa at pakikipag-ugnayan. Ang pag-unawa ang pundasyon ng lahat ng ito, dahil ito ang nagbibigay-kakayahan sa mga mag-aaral na magsuri, magpaliwanag, at magamit ang kaalaman sa iba't ibang konteksto. Ipinakita ng mga pag-aaral na magkakaugnay ang mga kasanayang ito, at ang pinagsama-samang pagtutok sa mga ito sa pagtuturo ng wika ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng literasiya.

Pag-unawa sa pagbasa.

Ang pag-unawa sa pagbasa ay mahalagang bahagi ng literasiya. Hindi lamang ito tungkol sa pagbabasa ng mga salita, kundi pati sa pag-unawa, pagsusuri at paggamit ng impormasyon mula sa mga teksto. Kabilang dito ang paggamit ng dating kaalaman, paggawa ng mga hinuha, at pag-iisip nang kritikal. Ang mahusay na pag-unawa ay tumutulong sa pagkatuto sa iba't ibang asignatura at sa paglinang ng kasanayan sa komunikasyon. Sa panahon ng makabagong teknolohiya, lumalaki ang interes sa mga bagong paraan ng pagtuturo na makatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Pilipinas.

Ipinakita ng pag-aaral na ang mga estratehiyang ito ay epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa at paglahok ng mga mag-aaral sa mga teksto (Cantago et al., 2024).

Bukod pa rito, tumutok din ang isang pag-aaral sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya. layunin nitong tukuyin ang mga partikular na hamon sa pag-unawa upang makabuo ng angkop na interbensyon. natuklasan na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pag-unawa dahil sa kakulangan sa pagkakalantad sa iba't ibang babasahin at limitadong estratehiya sa pagtuturo. bunga nito, iminungkahi ang isang planong interbensyon na may mga tiyak na gawaing pagbasa at materyales na tutugon sa kanilang pangangailangan. Ipinakita ng pag-aaral ang kahalagahan ng maagang pagtugon sa mga suliranin sa pag-unawa (Bagolong & Usop, 2021).

Dagdag pa, sinuri rin sa isa pang pananaliksik ang kalagayan ng pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa katutubong pamayanan sa gitna ng "new normal" dulot ng pandemya. Tiningnan kung paano nakaapekto ang online nap ag-aaral sa kanilang kasanayan sa pag-unawa. habang may ilan na nakaangkop sa digital na pagkatuto, marami rin ang nahirapan dahil sa kakulangan sa teknolohiya at mga akmang materyales. binigyang-diin ng pag-aaral ang hindi pagkakapantay-pantay sa edukasyon, lalo na sa mga katutubong mag-aaral. Ipinakita ng mga resulta na mahalagang isaalang-alang ang kanilang natatanging pangangailangan, lalo na sa panahon ng krisis (Obligar & Caraballe, 2022).

Higit pa rito, tinalakay sa isang pag-aaral ang iba't ibang paraan ng pagtuturo sa pagbasa, partikular ang paghahambing sa tahimik na pagbasa at oral na pagbasa sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa sa Ingles. Gamit ang isang eksperimental na disenyo, sinuri ang bisa ng dalawang pamamaraang ito. Lumabas na parehong nakatulong ang mga ito sa pagpapabuti ng pag-unawa, ngunit bahagyang mas epektibo ang oral na pagbasa pagdating sa paglahok at pag-alala sa binasa. Pinatibay ng pag-aaral na mahalaga ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Mendoza & Cruz, 2024).

Panghuli, sinuri ang bisa ng isang programa para sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa na layuning paunlarin ang kakayahang umunawa ng mga mag-aaral. lumabas sa resulta na ang mga lumahok sa mga gabay na aktibidad tulad ng gabay sa pagbasa at ehersisyo sa pag-unawa ay nagpakita ng malaking pag-unlad sa kanilang pag-unawa. binibigyang-diin ng programa ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagsasanay at paggamit ng iba't ibang uri ng babasahin upang mapaunlad ang mapanuring pag-iisip. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga sistematikong interbensyon sa pagbasa ay maaaring magdulot ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan sa pag-unawa. Sa kabuuan, ipinakita ng mga pag-aaral na ito ang kahalagahan ng makabago at akmang paraan ng pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral (Bugtong, 2023).

Ang susunod na seksyon ay nagpapakita ng mga kaugnay na literatura tungkol sa impluwensya ng mga tagubilin, pagpapaliwanag, mga pahiwatig at modeling patungo sa pag-unawa sa pagbasa.

Mga tagubilin. Ang pag-unawa sa pagbasa ay isang pangunahing kasanayan na mahalaga sa tagumpay ng mga mag-aaral at sa paglinang ng kanilang literasiya. Hindi lamang ito tungkol sa pagbabasa ng mga salita kundi pati sa pagkuha ng kahulugan gamit ang iba't ibang paraan ng pagtuturo. Kapag ang pagtuturo ay iniakma sa pangangailangan ng mga mag-aaral, mas bumubuti ang kanilang kakayahan sa pag-unawa. Ipinakita ng mga bagong pag-aaral ang kahalagahan ng mga programa at pagsusuri ng kurikulum na nakatuon sa pagpapabuti ng pagbasa sa iba't ibang konteksto sa Pilipinas. Lumabas na mahalaga ang mga akmang estratehiya upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral (Bautista et al., 2023).

Bukod rito, sinuri rin ang kurikulum sa pagbasa sa basik na edukasyon sa Pilipinas upang malaman kung ito ay tugma sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Natukoy ang mga kalakasan at kahinaan nito, at

binigyang-diin ang pangangailangan na magdagdag ng iba't ibang uri ng babasahin at mga estratehiyang angkop sa iba't ibang estilo ng pagkatuto. Bagamat matibay ang pundasyon ng kasalukuyang kurikulum, kinakailangan pa itong pagbutihin upang mas matugunan ang iba't ibang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng pagsusuri na mahalaga ang patuloy na pagrepaso at pag-aayos ng kurikulum para sa mas epektibong paglinang ng kasanayan sa pagbasa (Abejuela et al., 2023).

Dagdag pa rito, sinuri ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga Grade 6 sa piling mga paaralan sa distrito ng *Carmen* upang makabuo ng angkop na interbensyon. Napag-alaman na maraming mag-aaral ang nahihirapang sagutin ang mga tanong na nangangailangan ng malalim na pagsusuri ng teksto. Bilang tugon, iminungkahi ang mga estratehiyang tulad ng iba't ibang paraan ng pagtuturo at paggamit ng *graphic organizers* upang matulungan ang mga estudyante na mapaunlad ang kanilang pag-unawa. Pinagtibay ng pag-aaral na mahalaga ang pagtutok sa mga partikular na hamon ng mga mag-aaral sa pagbasa. Lumabas na malaking tulong ang mga iniakmang estratehiya sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan (Concepcion at Melchor, 2024).

Ipinakilala sa isang pag-aaral ang *prediction chart* bilang isang kagamitan upang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang tsart na ito ay dinisenyo upang hikayatin ang mga estudyante na maghula o magpredikta tungkol sa laman ng babasahin bago ito basahin. Sa ganitong paraan, na-aaktibo nila ang kanilang kaalaman at nagkakaroon ng layunin sa pagbasa. Lumabas sa resulta na ang paggamit ng prediction chart ay nakatulong sa mas mataas na interes at mas mahusay na pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinakita nito ang kahalagahan ng paggamit ng mga estratehiyang ginagawa bago magbasa upang mapaunlad ang pag-intindi at kasanayan sa kritikal na pag-iisip (Pitogo, 2021).

Panghuli, nagsagawa rin ang pag-aaral ng sarbey tungkol sa mga hirap sa pagbasa ng mga K-12 na mag-aaral sa ilang lalawigan na nagsasalita ng Tagalog. Natuklasan sa sarbey na maraming mag-aaral ang nahihirapan dahil sa kakulangan sa bokabularyo, komplikadong mga pangungusap, at mababang motibasyon sa pagbasa. Bilang tugon, iminungkahi ng pag-aaral ang pagbuo ng mga programang interbensyon na nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapaigting ng interes sa pagbasa. Binigyang-diin ng pag-aaral na mahalagang matukoy ang mga partikular na problema sa pagbasa upang makagawa ng angkop na mga estratehiya na makatutulong sa mga mag-aaral na malampasan ang mga ito. Lumabas na ang pagtugon sa mga ito ay makapagpapabuti nang malaki sa kakayahan sa pagbasa (Decena, 2021).

Pagpapaliwanag. Ang pag-unawa sa pagbasa ay ang kakayahang maintindihan, bigyang-kahulugan, at ipaliwanag ang isang teksto. Ang pagpapaliwanag bilang isang estratehiya sa pagbasa ay hinihikayat ang mga mag-aaral na suriin ang materyal, gumawa ng mga hinuha, at linawin ang kanilang pagkaunawa, kaya't mas nagiging malalim ang kanilang pakikipag-ugnayan sa teksto. Ipinakita sa pag-aaral ang kahalagahan ng pagpapaliwanag at iba pang kaugnay na estratehiya sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa, dahil nagdudulot ito ng mas makahulugang interaksyon sa mga babasahin. Sa pamamagitan ng paghikayat sa mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang mga naiisip, natutulungan silang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsusuri at mas napapalakas ang kanilang pangkalahatang pag-unawa (Abejo et al., 2023).

Bukod dito, tinalakay ang kahalagahan ng mga tanong sa pag-unawa sa pagtuturo ng panitikan. Binibigyang-diin ng pag-aaral na ang mga tanong na humihiling sa mga mag-aaral na ipaliwanag nang detalyado ang mga tema, motibo, at tauhan ay nakatutulong sa paglinang ng kanilang kakayahang magbigay-kahulugan at mas malalim na pagtingin sa teksto. Sa paghimok sa mga mag-aaral na ipaliwanag ang kanilang sagot at ipaliwanag ang kanilang dahilan, natutulungan silang mas maintindihan ang

panitikan. Napatunayan ng pag-aaral na ang maingat at komprehensibong pagdidisenyo ng mga tanong ay mahalaga para sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga estudyante na mag-interpret at magpaliwanag ng masalimuot na teksto (Pineda, 2024).

Dagdag pa rito, sinuri ang paggamit ng mga pagbasa sa module na nakabatay sa *Marungko Approach* sa mga mag-aaral ng Grade 1 sa Zambales upang mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa pagbasa. Ang metodong ito ay nakatuon sa pagkatuto ng ponetika at unti-unting pagmaster ng alpabetong Filipino. Hinihikayat nito ang mga bata na ipaliwanag ang kanilang pagkaunawa sa mga simpleng teksto sa pamamagitan ng pagtuon sa ponetikong pagbasa at kontekstuwal na pag-unawa. Lumabas sa resulta na mas nagiging mahusay ang mga estudyanteng gumamit ng *Marungko-based modules* sa pagpapahayag ng kanilang pag-unawa sa teksto. Ipinapakita nito na ang maagang pagkatuto sa ponetika ay may positibong epekto sa pag-unawa at kakayahang magpaliwanag. Pinagtibay ng pag-aaral na ang mga angkop sa edad at ponetika na pamamaraan ay mahalaga bilang pundasyon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa (Balgua et al., 2022).

Higit pa rito, isinagawa ang isang sistematikong pag-aaral sa paggamit ng pabula bilang kasangkapan upang mapahusay ang pag-unawa sa pagbasa ng mga batang mag-aaral. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga pabula, dahil sa kanilang malinaw na banghay at taglay na aral, ay nakatulong sa mga estudyante na maipaliwanag ang kahulugan ng kuwento gamit ang sarili nilang salita. Sa ganitong paraan, mas naging malalim ang kanilang pag-unawa. Naging mas makabuluhan din ang kanilang interaksyon sa teksto dahil hinihikayat silang unawain ang aral at iugnay ito sa kanilang personal na karanasan. Ipinakita ng resulta na ang paggamit ng pabula ay epektibong nakatutulong sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na magpaliwanag at umunawa ng binasa (Abella et al., 2023).

Panghuli, isa pang pag-aaral ang tumingin sa epekto ng *foreign language anxiety* o kaba sa paggamit ng banyagang wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga estudyanteng Filipino. Lumabas sa resulta na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kaba ay nahihirapang unawain at ipaliwanag ang teksto. Dahil sa labis na pag-aalala sa tamang gamit ng wika, nababawasan ang kanilang konsentrasyon sa nilalaman ng binabasa. Sa halip na maunawaan ang teksto, nauubos ang kanilang enerhiya sa pagharap sa stress. Ipinakita ng pag-aaral na ang pagkakaroon ng maaliwalas at hindi nakakapresyur na kapaligiran ay makatutulong upang mas maayos na makapagbasa at makapagpaliwanag ang mga estudyante. Lumitaw sa resulta na ang pagbawas sa kaba ay may malaking ambag sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pag-unawa (Labicane, 2021).

Mga pahiwatig. Ang pag-unawa sa pagbasa ay isang masalimuot na kasanayan na nangangailangan ng iba't ibang paraan upang mapahusay ang pag-intindi at pag-alala sa teksto. Isa sa mga napatunayang mabisang estratehiya ay ang paggamit ng mga pahiwatig. Maaaring ito ay nasa anyo ng mga kontekstuwal na palatandaan, pagbubuod ng mahahalagang punto, o mga tanong na tumutok sa mahahalagang bahagi ng babasahin. Sa paggamit ng mga ito, natutulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang mahalagang impormasyon at makagawa ng mga hinuha. Ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng mga pahiwatig ay nakatulong sa pagpapabuti ng pag-unawa lalo na sa mas mahihirap na babasahin (Pacia, 2022).

Bukod pa rito, sa panahon ng pandemya ng COVID-19, maraming guro ang nagbago ng kanilang paraan ng pagtuturo upang umangkop sa online na pagkatuto. Ayon sa isang pag-aaral, mas pinagtibay ng mga guro sa Ingles ang paggamit ng mga pahiwatig upang matulungan ang mga mag-aaral na iugnay ang binabasa sa kanilang dating kaalaman. Naging daan ito upang mapunan ang mga kakulangan sa pag-unawa dulot ng pag-aaral sa malayo. Ipinakita sa resulta na ang ganitong paraan ay nakatulong hindi lamang sa

mas malalim na pag-unawa, kundi pati na rin sa pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa (Encinares & Manga, 2022).

Dagdag pa rito, isa pang pag-aaral ang tumingin sa ugnayan ng kakayahang umunawa sa pagbasa sa wikang Filipino at ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Lumabas sa resulta na ang mga estudyanteng may mas mataas na tiwala sa sarili ay mas aktibo sa pagbabasa at mas mahusay sa paggamit ng mga pahiwatig. Ipinapahiwatig nito na ang pagpapatibay sa tiwala sa sarili ay nakatutulong upang mas maging bukas ang mag-aaral sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa. Sa gayon, mas nagiging epektibo ang kanilang pag-unawa sa mga teksto (Augusto, 2022).

Higit pa dito, sinuri sa isang pag-aaral ang epekto ng *Myers-Briggs Type Indicator (MBTI)* sa kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa sekondarya. Lumabas sa resulta na may epekto ang personalidad ng mag-aaral sa kanilang paraan ng pagbasa. Halimbawa, ang mga *intuitive* na mag-aaral ay mas natutulongan ng mga pahiwatig na nagtuturo sa kanila sa malalawak na ideya sa teksto. Ipinapakita ng pag-aaral na mahalagang iakma ang pagtuturo sa uri ng pagkatuto ng mag-aaral upang mas mapabuti ang kanilang pag-unawa sa pagbasa (Caisip et al., 2022).

Panghuli, sa isa pang pag-aaral, tinalakay ang kahalagahan ng pagkilala sa mga palatandaan na nahihirapan ang isang mag-aaral sa pag-unawa. Iminungkahi na ang paggamit ng mga pahiwatig ay makatutulong upang agad na matulungan ang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng ganitong paraan, mas nagiging suportado ang mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Ipinakita ng resulta na ang pagbibigay ng mga pahiwatig ay epektibong paraan upang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa, lalo na para sa mga estudyanteng may kahirapan sa pagbabasa (Heguerria & Cacho, 2022).

Modeling. Ang pag-unawa sa pagbasa ay isang mahalagang kasanayan na malaki ang naitutulong sa tagumpay ng mga estudyante sa paaralan at sa kanilang panghabang-buhay na pagkatuto. Isa sa mga mabisang paraan upang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa ay ang modeling, kung saan ipinapakita ng guro nang malinaw ang mga estratehiya sa pagbasa at iniisip nang malakas kung paano nila naiintindihan ang teksto. Sa ganitong paraan, natututo ang mga estudyante kung paano humula, magtanong, at magbuod ng impormasyon mula sa binabasa. Ipinakita sa mga pag-aaral na ang ganitong paraan ay nakatutulong nang malaki, lalo na sa mga estudyanteng nahihirapan sa pagbasa. Lumabas sa resulta na mas mahusay ang pag-unawa ng mga estudyanteng tinuruan gamit ang modeling (Quintos, 2021).

Bukod dito, sinuri rin sa isang pag-aaral ang ugnayan ng interes at mga nakagawian sa pagbasa sa antas ng pag-unawa ng mga estudyanteng nasa Grade 11. Napag-alaman na mas mataas ang kanilang pag-unawa kapag sila ay nakaranas ng modeling ng mga estratehiya sa pagbasa, maging mula sa guro o kapwa estudyante. Bukod sa paglinang ng interes, nakatutulong ang modeling para masanay sila sa mabubuting gawi sa pagbasa, na siyang nagiging susi sa mas malalim na pag-intindi sa mga teksto. Pinatunayan sa resulta na ang pagsasanib ng mga aktibidad na nakatuon sa interes at modeling ay epektibo sa pagpapabuti ng kabuuang kakayahan sa pag-unawa (Maribbay, 2022).

Dagdag pa rito, isang pag-aaral ang naglayong paunlarin ang isang *Interactive Remedial Reading Tool (IRRT)* na nakatuon sa kahusayan sa pagsasalita at pag-unawa. Lumabas sa pag-aaral na ang pagpapakita ng fluent reading gamit ang mga *read-aloud* at *think-aloud* na estratehiya ay nakatutulong nang malaki sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano bumigkas, bigyang-diin, at wastong iayos ang bilis ng pagbasa, nabibigyan ng mga guro ang mag-aaral ng tamang gabay upang mapaunlad ang kanilang fluency at comprehension. Ang IRRT na binuo mula sa pag-aaral ay may mga tampok na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na magsanay ng mga estratehiyang ipinakita sa kanila. Lumabas sa resulta na ang paggamit ng IRRT ay nagdulot ng malinaw na pag-unlad sa kahusayan sa

pagsasalita at pag-unawa ng mga mag-aaral, at ipinakita ang bisa ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagbasa (Buenviaje & Sobretudo, 2024).

Higit pa rito, tiningnan ng pag-aaral kung paano nakatulong ang mga aktibidad gamit ang mga larawan at guhit sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa ingles. Napansin nila na mas naintindihan ng mga estudyante ang binasa kapag ipinakita ng guro kung paano gamitin ang mga larawan at graphic organizer. Nakakatulong ito hindi lang sa mga estudyanteng gustong matuto gamit ang mga larawan kundi pati sa lahat para mas maintindihan ang mga mahihirap na bahagi ng teksto. Ipinakita ng pag-aaral na malaking tulong ang ganitong paraan sa pag-aaral ng mga estudyante (Gallardo et al., 2023). Panghuli, sinuri rin ng pag-aaral ang kakayahan sa pagbasa ng mga batang Grade 2 sa mga paaralan sa Botolan, Pilipinas. Napag-alaman na maraming estudyante ang nahihirapan sa pagbasa kaya nahihirapan din silang maintindihan ang mga teksto. Tinuruan ng mga guro ang mga estudyante gamit ang mga halimbawa kung paano magbasa nang tama para mas maintindihan nila ang binabasa. Gumamit sila ng paraan na tinatawag na scaffolding, kung saan tinutulungan ang mga estudyante na unti-unting matuto sa tulong ng guro. Lumabas sa resulta na nakatulong ito nang malaki sa pag-improve ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga estudyante (Ditona & Rico, 2021).

Kabuoan ng pag-unawa sa pagbasa

Sa kabuuan, ang pag-unawa sa pagbasa ay isang kasanayang nangangailangan ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang mapabuti ang pagkaintindi at pag-alala ng mga estudyante sa mga teksto. Mahalaga ang malinaw na paliwanag upang matulungan ang mga mag-aaral na maintindihan ang mga konsepto. Ang paggamit ng mga pahiwatig ay nakatutulong upang makagawa sila ng hinuha at makaugnay ang mga ideya. Ang pagpapakita ng tamang paraan ng pagbabasa naman ay nagbibigay ng halimbawa na maaaring sundan ng mga estudyante. Ipinakita ng mga resulta na kapag pinagsama-sama ang mga ito, nagiging mas epektibo ang pagtuturo sa pagbasa at mas gumaganda ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa.

Batayang Teoretikal

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teorya ni Goodman tungkol sa pag-unawa sa pagbasa (1965). Ayon sa teoryang ito, ang pagbasa ay isang aktibong proseso kung saan ang mga mambabasa ay bumubuo ng kahulugan sa pamamagitan ng paghula, pagsusuri, at pagtiyak ng mga bahagi ng teksto gamit ang kanilang kaalaman at kasanayan sa wika. Hindi kinakailangang basahin nang paisa-isa ang bawat salita; sa halip, umaasa ang mga mambabasa sa konteksto, estruktura ng pangungusap, at mga pahiwatig upang maunawaan ang teksto at punan ang mga puwang ng impormasyon. Tinuturing ni Goodman ang pag-unawa sa pagbasa bilang isang dinamiko at interaktibong proseso sa pagitan ng mambabasa at teksto, kung saan nagsasanib ang kaalaman, kasanayan sa wika at pag-iisip ng mambabasa upang makuha ang kahulugan.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, mahalaga ang teorya ni Goodman sa pagsuri kung paano nakatutulong ang kolaboratibong pag-aaral sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. Ang kolaboratibong pag-aaral ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magpalitan ng ideya, linawin ang kanilang pagkaunawa at paunlarin ang kanilang kasanayan sa wika sa pamamagitan ng aktibong pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kaklase. Ang ganitong interaktibong pamamaraan ay nagbibigay-daan para magamit ng mga mag-aaral ang kanilang sama-samang kaalaman at iba't ibang kasanayan sa wika, na tumutugma sa pananaw ni Goodman na ang pagbasa ay isang prosesong sosyal at kognitibo. Sa ganitong kapaligiran, ang mga mag-aaral na may iba't ibang antas ng kasanayan sa wika ay maaaring magbigay ng puna, magbahagi ng interpretasyon, at magtulungan upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa. Kaya

naman, sinisiyasat ng pag-aaral na ito kung paano ang kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika ay nagdudulot ng mas malalim at makahulugang pag-unawa sa pagbasa, alinsunod sa teoryang Goodman's. Ang pag-aaral na ito ay batay sa teorya ni Vygotsky tungkol sa pagbasa (1967). Ayon sa kanya, ang pag-unawa sa pagbasa ay isang proseso na nangyayari sa pakikipag-usap at pagtutulungan ng mga mag-aaral sa kanilang kapaligiran. Mahalaga ang tulong ng mga guro o mas may alam na kaklase para matuto ang mga mag-aaral, lalo na kapag nahihirapan sila. Tinawag niya itong Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan natututo ang mga mag-aaral ng mas mabilis kapag may gabay. Sabi rin ni Vygotsky, malaki ang papel ng wika sa pagkatuto dahil dito nauunawaan at naipapaliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan.

Sa pag-aaral na ito, sinuri kung paano nakatutulong ang pagtutulungan ng mga mag-aaral sa klase para mas mapabuti ang kanilang pag-unawa sa pagbasa, lalo na ang mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. Kapag nagtutulungan sila, natutulungan nila ang isa't isa na maintindihan ang mga teksto at mapalawak ang kanilang kaalaman sa wika. Dito, naipapakita nila ang kanilang mga ideya, nagtatanong at nag-uusap tungkol sa binasa, kaya mas lumalalim ang kanilang pag-unawa. Ang ganitong paraan ay nakatutulong sa lahat ng mag-aaral, kahit na iba-iba ang kanilang galing sa wika. Sa ganitong paraan, mas natututo ang mga mag-aaral hindi lang nang mag-isa kundi kasama ang iba, ayon sa teorya ni Vygotsky.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teorya nina Laberge at samuels (1974) tungkol sa awtomatikong pagproseso ng impormasyon sa pagbasa. Ayon sa teoryang ito, ang mabilis at maayos na pagbasa ay nakadepende sa kakayahan ng mambabasa na awtomatikong mabasa o ma-decode ang mga salita nang hindi na masyadong iniisip. Kapag nangyari ito, mas maraming atensyon ang maaaring ilaan sa pag-unawa sa pagbasa. Sa simula, kailangang pagtuunan ng pansin ng mambabasa ang bawat salita, kaya maraming mental na pagsisikap ang nagagawa. Ngunit sa dami ng pagsasanay, nagiging awtomatiko na ang pagkilala sa mga salita, kaya mas nagiging madali ang pag-intindi, paggawa ng hinuha, at pag-uugnay ng mga ideya sa teksto. Sabi nina Laberge at samuels, ang ganitong awtomatikong kakayahan ay nade-develop sa tulong ng paulit-ulit na pag-practice, na nagpapalakas sa utak para sa mabilis na pagkilala ng mga salita at mas malalim na pag-unawa sa teksto.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang teorya nina Laberge at samuels para mas maintindihan kung paano nakakatulong ang pagtutulungan ng mga mag-aaral sa klase sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng grupong pagtutulungan, nakakasalamuha ang mga mag-aaral ng iba't ibang salita, istruktura ng pangungusap at iba't ibang paraan ng pag-intindi sa teksto. Dito, nagkakaroon sila ng maraming pagkakataon na magsanay sa mabilis na pagkilala ng mga salita habang nag-uusap tungkol sa binasa, na nakakatulong sa pag-unawa. Mahalaga rin ang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral dahil ang mga may malakas na kasanayan ay maaaring maging gabay o halimbawa sa mga kaklase nila sa tamang paraan ng pagbasa at pag-intindi. Ang paraan ng pagtutulungan ay sumusuporta sa teorya nina Laberge at samuels dahil pinagsasama nito ang pag-practice sa mabilis na pagbasa at ang pokus sa pag-unawa, kaya mas lumalalim ang kasanayan sa pagbasa sa isang masaya at suportadong kapaligiran.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa tatlong magkakaugnay na teoretikal na balangkas na sama-samang nagpapaliwanag kung paano pinapalakas ng kolaboratibong pag-aaral ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. Sa kabuuan, ang tatlong teoryang ito ay nagsisilbing matibay na batayan ng pag-aaral na ito, na nagpapakita kung paano pinagsasama ng kolaboratibong pag-aaral ang aktibong pagbubuo ng kahulugan, panlipunang interaksyon sa loob ng ZPD, at paglinang ng awtomatikong kakayahan sa pagbasa upang mapalalim at mapabilis ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa

medyor Filipino. Ang pagsasanib ng kasanayan sa wika at pagtutulongan ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng mas makahulugan, epektibo, at sosyal na proseso ng pag-unawa sa binabasa.

Batayang Konseptwal

Ang batayang konseptwal ng pag-aral na ito ay ipapakita sa pigura 1, na susuriin ang mga ugnayan sa pagitan ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika bilang malayang baryabol at pag-unawa sa pagbasa bilang di malayang baryabol. Ang kolaboratibong pag-aaral, bilang malayang baryabol, ay susuriin sa pamamagitan ng tatlong indikatoryos: pagtutulongan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo, na tumutukoy sa lawak ng pagtutulongan at pagbabahagi ng pagsisikap sa loob ng isang grupo; pansariling kasiyahan at pagpapahusay, na susukat sa antas kung saan ang mga indibidwal na mag-aaral ay makakadama ng katuparan at motibasyon sa pamamagitan ng mga aktibidad ng grupo; at komunikasyon at interaksyon, na susukat sa bisa ng pagpapalitan at pag-uusap sa pagitan ng mga kapantay sa seting ng pagtutulongan. Ang mga indikatoryos na ito ay nagbibigay daan sap ag-aaral na komprehensibong makuha kung paano nag-aambag ng kolektib at *interpersonal* na karanasan ang mga mag-aaral sa kanilang pagkalahatang proseso sa kolaboratibong pag-aaral.

Dagdag pa, ang pangalawang malayang baryabol, na kasanayan sa wika, ay susuriin sa pamamagitan ng limang partikular na indikatoryos na sumasaklaw sa mga pangunahing kasanayan sa wika na mahalaga para sa akademikong tagumpay. Pagbasa na susuriin ang kakayahan ng mga mag-aaral na bigyang kahulugan at unawain ang mga nakasulat na teksto; pagsulat na susukatin ang kanilang kapasidad na maipahayag ng epektibo ang mga kaisipan at ideya sa pamamagitan ng pagsulat; pagsasalita na nkatuon sa kanilang kakayahan sa pagpapahayag ng mga ideya nang pasalita; pakikinig na susuriin ang kanilang kahusayan sa pag-unawa sa mga salitang naririnig; at pag-unawa na isasaalang-alang ang kanilang pangkalahatang kakayahan na maunawaan at isama ang impormasyon mula sa iba't ibang konteksto ng linggwistika. Ang mga indikatoryos na ito ay magbibigay ng detalyadong pagtingin sa bawat bahagi ng kakayahan sa wika, na nagbibigay ng mga pananaw sa kung paano naiimpluwensyahan ng mga kasanayang ito ang akademikong pakikipag-ugnayan at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Panghuli, ang di malayang baryabol, na pag-unawa sa pagbasa, na susuriin sa pamamagitan ng apat na indikatoryos na kumakatawan sa kognitib at instruksiyunal na aspeto sa pag-unawa sa teksto. Mga tagubilin ay tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral na sundin ng tama ang mga nakasulat o pasalitang tagubilin; pagpapaliwanag ay susukatin ang kanilang kakayahan sa pagbibigay kahulugan at paglilinaw ng mga impormasyon; mga pahiwatig masusukat nito ang kanilang kakayahan na gumamit ng mga pahiwatig sa konteksto para sa pag-unawa at modeling titingnan dito ang kanilang kakayahang maglapat ng mga disenyo o halimbawa sa mga gawain sa pag-unawa.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang mga resulta ng pag-aaral ay maaaring magamit bilang mahalagang impormasyon na nagbibigay ng bagong pananaw sa kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay makikinabang ang mga sumusunod na ahensya at indibidwal.

Bilang isang institusyong pang-edukasyon, ang *Kapalong College of Agriculture Science and Technology* ay makikinabang mula sa mga resulta ng pag-aaral sa pamamangitan ng pagkakaroon ng balangkas para sa pagpapabuti ng disenyo ng kurikulum at mga estratehiya sa pagtuturo, na makakatulong sa mga guro na magpatupad ng mga gawain na nagsusulong ng kolaborasyon at nagpapalakas ng kasanayan sa wika sa iba't ibang asignatura.

Sa **mga mag-aaral sa medyor sa Filipino**, ang pananaliksik na ito ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa kung paanong ang kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika ay maaaring direktang

magpapabuti sa kanilang pag-unawa sa pagbasa, na mahalaga para sa kanilang pag-unlad sa akademya at tagumpay sa hinaharap na propesyon.

Ang pag-aaral na ito ay magsisilbi rin sa mas malawak na komunidad ng **mag-aaral sa KCAST** sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga epektibong pamamaraan sa kolaboratibong pag-aaral na maaaring ilapat sa iba't ibang larangan, na magtataguyod ng isang mas suportado at inklusibong kapaligiran sa pagkatuto.

Para sa **mananaliksik sa hinaharap** na magkakaroon ng pagkakataon na pagyamanin ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito, gamitin ito bilang pundasyon upang tuklasin pa ang iba pang aspekto ng kolaboratibong pag-aaral, kasanayan sa wika, at pag-unawa sa pagbasa sa konteksto ng Filipino, kaya't makakatulong sa mas malawak na larangan ng edukasyon




Figura 1. Batayang Konseptwal

Katuturan ng mga Katawagan

Ang mga termino sa ibaba ay ipinapaliwanag nang konseptwal at operasyonal upang magtatag ng isang karaniwang balangkas ng sanggunian.

Kolaboratibong Pag-aaral. Ito ay tumutukoy sa isang pamamaraang pang-edukasyon kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan sa grupo upang makamit ang mga karaniwang layunin sa pagkatuto, nakikilahok sa mga talakayan, kooperasyon at paglutas ng mga problema upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa isang paksa (Theng & Mai, 2013). Gaya ng ginamit sa pag-aaral na ito, ito ay susukatin batay sa lawak ng pagtutulungan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo, pansariling kasiyahan at pagpapahusay at komunikasyon at interaksyon ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa KCAST.

Kasanayan sa Wika. Ito ay sumasaklaw sa kakayahan ng isang tao na gamitin ang wika nang epektibo sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at pag-unawa; ito ay isang pangunahing kasanayan sa pagkatuto sa akademiko at komunikasyon (Eslit, 2023). Gaya ng ginagamit sa pag-aaral na ito, ito ay susuriin sa pamamagitan ng pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at pag-unawa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa KCAST na makisali sa mga kolaboratibong pag-aaral na aktibidad na naglalayong pahasayin ang kanilang pag-unawa sa pagbasa.

Pag-unawa sa Pagbasa. Ito ay ang proseso ng pagbuo ng kahulugan mula sa teksto, na kinabibilangan ng pagbibigay kahulugan, pag-iinterpret at pagsasama-sama ng mga impormasyon upang maunawaan at maalala ang binasa (Abualzain, 2020). Gaya ng ginamit sa pag-aaral na ito, ito ay susukatin sa pamamagitan ng mga tiyak na pamamaraan sa pagtuturo, kabilang ang mga tagubilin, pagpapaliwanag, mga pahiwatig at modeling ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino sa KCAST.

Kabanata 2**METODOLOHIYA**

Kabilang sa kabanata 2 ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pananaliksik, populasyon at sample, instrumento ng pananaliksik, pagkolekta ng pananaliksik, istatistikal na tritmet ng datos at pati na rin ang mga etikal na konsiderasyon na ginamit sa pag-aaral na ito, tungkol sa epekto ng kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na gumagamit ng deskriptibong korelasyunal na teknik upang tukuyin ang mga kolaboratibong pag-aaral at kasanayan sa wika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino, ginagamit ang prosesong ito upang makalkula at masuri ang mga baryabol at itala ang mga kinalabasan. Ang diskarte na ito ay inilarawan bilang ang proseso ng pagkilala sa isang problema o kaganapan sa pamamangitan ng pangangalap ng numerikal na datos para sa pagsusuri gamit ang mga kagamitan sa matematika, lalo na ang mga istatistika (Apuke, 2017).

Ayon kay Gill (2013), ang deskriptibong pananaliksik ay sangkot ang paglalarawan sa isang tiyak na aspeto ng isang pangkat ng mga indibidwal na ang mga kasagutan ay tuloy-tuloy na mga datos na kung saan ang simpleng paraan ng pangangalap ng mga datos upang matukoy ang antas ng ugnayan ng dalawa 0 higit pang baryabol na umiiral.

Ang layunin ng deskriptib korelasyunal na pananaliksik ay tukuyin ang mga baryabol na maaaring magkaugnay upang mahulaan ng mananaliksik kung paano magbabago ang isang baryabol kapag nagbago ang isa pa.

Lokal ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gagawin sa *Kapalong College of Agriculture Science and Technology* (KCAST). Ito ay isang pampublikong kolehiyo na mayroong



Figura 2: Lokasyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST)

anim na programa tulad ng: *Teacher Education, Criminology, Business Administration, Office Administration, Public Administration* at *Agriculture* na inalok sa ilalim ng republic Act 10931 o *universal access to tertiary education Act* ng *commission on higher education* (CHED). Naging batayan ang paaralang ito, sapagkat ang mananaliksik ay nag-aaral sa paaralang ito. Ang mga partisipante sa pag-aaral

ay ang lahat ng mga mag-aaral na kumukuha sa kursong *bachelor of secondary education major in Filipino*. Ang lugar na pinangyarihan ng pag-aaral ay matutunghayan sa ipinakitang mapa sa ibaba.

Populasyon at Sampol

Talahanayan 1 *Distribusyon ng mga Respondante*

Baitang	Populasyon	Sampol	Bahagdan
1 st year	14	8	3.32%
2 nd year	132	80	31.26%
3 rd year	65	39	15.39%
4 th year	44	27	10.42%
Kabuuhan	255	154	60.39%

Ang populasyon ng pag-aaral na ito ay bubuunin ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino na kasalukuyang kumukuha sa programang batsilyer ng edukasyon sa *Kapalong College of Agriculture, Science and Technology* (KCAST). Gagamitin ng pag-aaral ang mga datos na nakuha mula sa tanggapan ng KCAST registrar upang matukoy ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino na nakakatugon sa pamantayan ng pagsasama ng pag-aaral. Ang mga pamanatayang ito ay mangangailangan na ang mga respondante (1) ay kasalukuyang mag-aaral sa KCAST na kumukuha ng medyor sa Filipino, (2) labing walong taong (18) gulang pataas, at (3) kusang-loob na sumasang-ayon na lumahok, gagamitin ang pormula ni Slovin. Ang pormula na ito ay magbibigay ng tumpak na kalkulasyon para sa kinakailangang bilang ng mga kalahok mula sa kabuuang populasyon ng mga mag-aaral sa KCAST na kumuha ng medyor sa Filipino. Sa pamamagitan nito, matitiyak ang mga resulta na may istatistika na kahalagahan. Ang mga tungkol sa kabuuang populasyon, kinakalkulang bilang ng mga kalahok at porsyento ay ipapakita sa talahanayan 1. Ang mga datos na ito ay kakalkulahin at kukumpirmahin ng isang estatistisyan sa KCAST (Tejada & Punzalan, 2012).

Instrumento ng Pananaliksik

Saklaw ng paglalarawan interpretasyon	Katumbas interpretasyon	na Deskripsyon
4.30-5.00	Napakataas	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kolaboratibong pag-aaral ay lubos na sumasang-ayon
3.50-4.29	Mataas	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kolaboratibong pag-aaral ay sumasang-ayon
2.70-3.49	Katamtaman	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kolaboratibong pag-aaral ay medyanong sumasang-ayon.
1.90-2.69	Mababa	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kolaboratibong pag-aaral ay hindi sumasang-ayon.
1.00-1.89	Napakababa	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kolaboratibong pag-aaral ay lubos na hindi sumasang-ayon

Ang instrumento ng pananaliksik para sap ag-aaral na ito ay bubuun ng isang *structured* sarbey na talatanungan, na idinisenyo upang sukatin ang mga baryabol ng kolaboratibong pag-aaral, kasanayan sa wika at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino. Upang masuri ang kolaboratibong pag-aaral, ang pag-aaral ay iaangkop sa 15 aytem na talatanungan na binuo ni Theng and Mai (2013), na tumutuon sa mga indikators tulad ng pagtutulungan sa pagitan ng mga miyembro ng grupo, pansariling kasiyahan at pagpapahusay at komunikasyon at interaksyon. Ang bahaging ito ng talatanungan ay naglayong alamin kung paano nakikita ng mga mag-aaral ang kanilang mga pakikipag-ugnayan at mga dinamika sa pag-aaral sa grupo, at mga mahalagang elemento ng kolaboratibong pag-aaral sa loob ng isang akademikong seting.

Saklaw ng Paglalarawan interpretasyon	Katumbas interpretasyon	na Deskripsyon
4.30-5.00	Napakataas	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kasanayan sa wika ay lubos na sumasang-ayon
3.50-4.29	Mataas	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kasanayan sa wika ay sumasang-ayon
2.70-3.49	Katamtaman	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kasanayan sa wika ay medyanong sumasang-ayon.
1.90-2.69	Mababa	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kasanayan sa wika ay hindi sumasang-ayon.
1.00-1.89	Napakababa	Ang pagsukat na inilalarawan para sa kasanayan sa wika ay lubos na hindi sumasang-ayon.

